



Protektahan ang Inyong Sarili Mula sa Pandaraya

Ang SAIF na Programa



Ang Seniors Against Investment Fraud (SAIF) na programa ng Kagawaran ng Korporasyon (Department of Corporations) ng California ay itinatag noong Hulyo 2001.

Ang SAIF ay nagbibigay ng babala at tinuturuan ang mga taga-California na nasa 50 taong gulang pataas ng tungkol sa pinansiyal at pamumuhunan na mga pandaraya, panlilinlang, at walang pagpapahalagang gawi ng pagtitinda na partikular na pakay ang mga matatanda.

Ang mga edukadong mamimili ay malamang na hindi magiging biktima ng mga pandaraya. Ang SAIF ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga matatanda sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahahalagang impormasyon at mga pantulong upang makagawa sila ng mga pinansiyal na desisyon batay sa lubos na kaalaman.

Ang mensahe ng SAIF ay ipinapahatid sa pamamagitan ng mga seminar at mga pagtatanghal sa mga senior center at iba pang lugar kung saan nagtitipon ang mga matatanda. Itong SAIF booklet ay ipinamamahagi sa lahat ng mga pagtatanghal tungkol sa SAIF. Kabilang dito ang mga impormasyon tungkol sa pangangalaga ng inyong personal na impormasyon, mga annuity, mga reverse mortgage, end-of-life na papeles at iba pang mahahalagang paksa. Ang booklet na ito ay naglalaman din ng detalyadong gabay na pantulong.

Ang SAIF ay umabot na sa daan-daang libong mga matatanda sa California, at nakatulong sa kanila na maiwasang manakawan ng mga milyong dolyar.

Malugod namin kayong tinatangap sa Unang Edisyon ng SAIF booklet na nakasalin sa wikang Tagalog

Ang booklet na ito ay ikinakatawan ang patuloy na pagpupunyagi upang makapag-bigay ng mga bago at pangkasalukuyang impormasyon sa mga matatanda sa California tungkol sa kung papaano makaiiwas sa pinansiyal na panlilinlang at mga pangkaraniwang pandaraya. Kung ang impormasyong ito'y nakatulong sa inyo, mayroon kayong mga katanungan, nais mamahagi ng salaysay na kung paano nakatulong sa inyo ang mga impormasyon na nilalaman ng booklet na ito, o mayroon kayong mga suhestiyon, maaari kayong magpadala ng e-mail sa saifsave@corp.ca.gov o tumawag sa aming toll-free number 1-866-275-2677.

Tandaan: para sa inyong kaginhawahan, mayroon kaming inilakip na mga impormasyon at mga pagkukunan ng karagdagang paksa na nasa labas ng aming nasasakop. Kung hindi angkop na ahensya ang Kagawaran ng Korporasyon, sisikapin namin sa abot ng aming makakaya na ituro kayo sa nararapat na ahensya.

Maaaring makakuha ng serbisyo ng pagsasalin. Tuwing inyong tatawagan ang aming Consumer Resource Center, maaari ninyo lamang sabihing, "sa Tagalog" at sa ilang sandali lamang ay iko-konek namin kayo sa isang opisyal na tagapagsalin sa isang pangtatluhan pagtawag o "three-way call." Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsumite ng isang nakasulat na pagreklamo, maaari din kayong makakuha ng tulong sa nakasulat na pagsasalin.

Mga Nilalaman

Mga Karaniwang Pandaraya sa Pamumuhunan	1
Pandaraya sa Telepono	5
Iba Pang Karaniwang Pandaraya	6
Pangangalaga sa Inyong Personal na Impormasyon	12
Mahusay na Pag-alaga sa Pera	15
Pagtatanggol sa Sarili ng Mamumuhunan	19
Paano Maghain ng Reklamo sa DOC	20

Mga Reverse Mortgage	21
Mga Biniling Annuity	23
Pinansiyal na Paghihirap	24
Pang-aabuso sa Matatanda at Pinansiyal na Pang-aabuso sa Matatanda	27
Paghahanda sa End-of-Life na mga Papeles	29
Mga Gabay na Pantulong	32
"Check Before You Invest" na Pormularyo	39

Mga Karaniwang Pandaraya sa Pamumuhunan



Ang mga matatanda ang pangunahing pakay ng mga panlilinlang at pandaraya sa pamumuhunan sapagkat kalimitan sila ay mayroong tinatawag na “nest egg,” may sariling tahanan, mahusay ang kanilang credit, at pinapalagay na bukas at madaling magtiwala. Makipag-ugnayan sa **Kagawaran ng Korporasyon** upang mapatunayan ang pagiging lehitimo ng mga tao at kompanyang nagbebenta *bago kayo mamuhunan* (tingnan ang pahina 39). Kung sa inyong palagay ay naging biktima kayo, tumawag kaagad sa inyong lokal na nagpapatupad ng batas at kontakin ang **Kagawaran ng Korporasyon** upang mabatid kung nararapat din kayong magharap ng pormal na reklamo.

CDs na may Bonus

Ang mga kompanya ay nangangako sa mga namumuhunan ng nakaka-akit na mataas na kita o “rates of return” sa CDs (certificates of deposit) sa pamamagitan ng pagsama ng isang bonus upang maakit ang mga namumuhunan, ngunit hinihikayat na kailangang bumili ang tao ng ibang produkto. Mag-ingat—ito ay isang klasikong “pain at pagpapalit” (bait and switch) na taktika.

Huwad na mga Katibayan

Kung minsan ang isang nagbebebang tao o mga pinansiyal na taga-payo ay sinusubukang lumikha ng impresyon na sila ay may natatanging edukasyon o kasanayan sa mga serbisyo at produkto para sa mga matatanda. Kung ang mga katibayan ay naglalaman ng mga salita tulad ng “senior” o “elder” kaugnay ng “certified” o “registered”, mangyaring mag-ingat. Halimbawa, ang “RES” (na kumakatawan para sa “Registered Elder Specialist”) ay isang komersiyal lamang na pakana.

Paalala: May mga abogado at ibang mga propesyonal na dalubhasa sa mga isyu ng matatanda. Laging tanungin ang taong inyong kinakausap tungkol sa pinansiyal o legal na negosyo na kumpletuhin ang **“Check Before You Invest”** na pormularyo (tingnan ang pahina 39).

“LIBRE” na Pagkain, mga Living Trust, at Ibang mga Seminar

Ang mga matatanda ay madalas inaanyayahan na tumanggap ng libreng pagkain at makinig tungkol sa insurance, real estate, at iba pang mga oportunidad sa pamumuhunan; pinansiyal na pagpapalano; mga reverse mortgage; o mga testamento at living trust. Mag-ingat—ang ilang tinatawag na “eksperto” ay nagsasabi ng maling pagpapakilala sa kanilang mga kuwalipikasyon. Ang mga taong nagbebenta na nagbibigay ng seminar ay maaring subukan kayong bentahan ng hindi angkop na mga pamumuhunan o susubukan kayong kumbinsihin na palitan ang inyong kasalukuyang mga pamumuhunan.

Maaari rin nilang itago ang kanilang mga bayad at komisyon o iba pang kaugnay na impormasyon, kaya’t nagiging mahirap na wastong maihambing ang mga produkto at serbisyo. Mas malala pa, ang ilang mga pangyayari ay panlilinlang lamang upang makuha ang inyong personal at pinansiyal na impormasyon.

Palaging hingin sa mga nagbibigay ng seminar na kumpletuhin ang **“Check Before You Invest”** na pormularyo (tingnan ang pahina 39), sa dahilang ang batas ng California ay nag-aatas sa kanila at sa kanilang kompanya na may angkop na lisensiya na

magbenta/mag-alok ng partikular na uri ng produkto o serbisyo. HUWAG magsagawa ng kasunduan sa negosyo sa sinumang tao o kompanya na atubili o tumatangging sagutin ang pormularyo.

Kung kailangan ninyong maghanda o magbago ng inyong testamento (will) o iba pang mga dokumento sa pag-aaring lupain o kaugnay sa buwis, tiyakin na ang mga dokumentong ito ay sumusunod sa batas ng California at tumutugon sa inyong mga pangangailangan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghahanda ng end-of-life na mga dokumento, tingnan ang mga pahina 29.

Life Insurance na mga Produkto

Ang ilang life insurance na mga produkto, tulad ng nagbabago o ipinagpaliban na annuity, ay ibinebenta bilang isang solidong pamumuhunan na mga produkto, bagama't ang mga ito ay nagbibigay ng mga kahina-hinalang mga benepisyo sa hinaharap para sa ilang mga matatanda at sumisingil ng masyadong mataas na mga premium. Ang mga produktong ito ay karaniwang nagbabayad ng malalaking up-front na mga komisyon para sa mga taong nagbebenta. Maaaring mayroon itong mataas na mga multa sa pag-withdraw kung ang annuity ay makansela bago ang maturity, na nagiging lalong hindi angkop para sa maraming mga matatanda. Mas malala pa, ang ilang mga nagbebenta ay inilalayo ang mga matatanda mula sa kasalukuyang mababang halaga na mga polisiya tungo sa mas mataas na halaga na mga polisiya sa annuity, na kung susuriin bilang pinansiyal na pamumuhunan, sa katotohanan ay nag-aalok ng mas mababang mga benepisyo sa hinaharap, maliban sa taong nagbebenta.

Maling Numero ng Telepono at Stock Tip na mga Pandaraya

Tumatanggap ang tao ng isang “maling pag-dayal” (misdialed) na tawag mula sa isang hindi kilala na magbibigay ng isang “hot tip” sa pamumuhunan. Ang mensahe ay parang ang tumatawag ay hindi



batid na siya ay nag-iwan ng mensahe sa maling answering machine. Ang mga con artist ay maaari ring magpadala ng katulad na mapanlinlang na mga e-mail o fax – ang uring ito ng pagbebenta ay ginagamit para mabigyan ng “pump” ang stock at lumikha ng ugong sa mga namumuhunan na bumili ng stock para tumaas ang halaga nito. Pagkatapos, ang mga con artist ay “ida-dump” ang stock at kikita sila ng malaki, na magbubunga nang mabilis na pagbaba sa halaga ng stock.

Mamahaling Bakal, Banyagang Pananalapi, Langis at Gasolina, at iba pang mga “Commodity” o Produkto

Mag-ingat kung kayo’y nag-iisip na mamuhunan sa mga produkto tulad ng ginto, banyagang pananalapi, langis at gasolina o iba pang mga pinanggagalingan ng enerhiya, mga produkto ng agrikultura tulad ng soybeans, at iba pang mga katulad na produkto. Karamihan sa mga oportunidad na ito ay “gumagarantiya” ng

mababang antas ng panganib at matataas na kita, nangangakong kayo’y “biglang yayaman,” o makatitipid sa inyong mga buwis. Subalit karamihan ng mga ito ay mapaglinlang na pakana sa pamumuhunan (basahin ang artikulo sa pahina 4). Kapag nalaman ng mga namumuhunan na sila’y naloko, ang manlilinlang na promotor ay matagal nang nawala.

Kahit na ang pamuhunan sa produkto ay lehitimo, ang mga merkado ng produkto ay higit na madalas ang pagpapalit-palit ng mga presyo at higit na mapanganib at kahit na ang mga bihasang namumuhunan ay maaaring mabilisang mawala ang lahat ng kanilang pera. Kadalasan, ang mga “kita” ay lumiliit dahil mataas ang ibinabayad na komisyon sa promotor at mga kaduda-dudang “gastusin para sa mga namumuno” ay ikinukuha sa ibabaw nito. *Sa kadhilangang ito, ang mga produktong tulad nito ay hindi babagay sa mga maliliit na namumuhunan.*

Pagkakamag-anak na Pagbebenta (Affinity Marketing) at Pagkakamag-anak na Pandaraya (Affinity Fraud)

Ang **Pagkakamag-anak (Affinity)** ay binubuo ng tiwala sa isa’t isa, pagkakaibigan, at pakikiramay sa pagitan ng mga taong may parehong relihiyosong paniniwala, etnikong pinanggalingan, lengguwahe, kultura, edad, propesyon, o mga katangian. Huwag kaagad magtitiwala sa mga taong nagbebenta dahil ipinapakita nila na magkatulad kayo ng karanasan at interes, o nag-aanunsiyo sa inyong mga paboritong magasin. Ang ilang nagbebentang tao ay kinukuhang magtrabaho upang partikular na kunin ang tiwala ng pakay na mga grupo. Kapag ang isang nagbebentang tao ay nakuha ang inyong pagtitiwala, siya ay magbebenta na ng mga produkto o serbisyo na maaaring hindi angkop para sa inyo, o ang mas masama, isang palsipikado.

Isang bahagi na ginagawa na mas mapanganib sa **pagkakamag-anak na pandaraya (affinity fraud)** ay ang tinatawag na “snowball effect”. Kapag ang isang miyembro ng grupo o isang iginagalang na

lider ng komunidad ay personal na namumuhunan sa isang serbisyo o produkto, madaling kumakalat ang balita, at mas maraming tao ang magtitiwala sa taong nagbebenta at nagpapasiya na ang produkto o pamumuhunan ay lehitimo at kapaki-pakinabang, kahit ito ay hindi. Ang pagkakamag-anak na pandaraya (affinity fraud) ay karaniwang isinasagawa sa malakihang antas, na nagbubunga ng laganap na pagkasira ng komunidad at malaking kabayaran para sa mga mandaraya (hanggang sila ay madakip). Sa kasamaang-palad, dahil sa kahihyan at kagipitan, ang pagkakamag-anak na pandaraya ay madalas na hindi naiiulat sa mga kinauukulang awtoridad.

“Pain at Pagpapalit” na Pakana

Mag-ingat sa mapang-akit na mga pangakong pinansiyal o kahanga-hangang kita na hindi na kapani-paniwala, lalung-lalo na kung kailangan ang isang personal na pagbisita. Ang isang taong nagbebenta ay maaaring palitan ang mga papeles o susubukan kayong hikayatin na gumawa ng ibang pamumuhunan—ang mga pagbabago ay malamang na hindi angkop at/o magbibigay ng malaking komisyon para sa nagbebenta. Basahin ang lahat bago kayo pumirma. Katulad na “pain at pagpapalit” na mga taktika ay maaari ring mangyari sa real estate financing, pagbili ng kotse, personal na utang, o iba pang pinansiyal na kasunduan.

Ponzi at Pyramid na mga Pakana

Mag-ingat sa mga pangako ng mabilisang kita at mababang mga panganib, mga waring opisyal na tunog ngunit di mabuting naiiksplikang negosyo, “gift clubs,” at mga ibang naiibang pamumuhunan. Ang mga pakanang ito’y kadalasa’y ikinakalat sa pamamagitan ng pagsasalín-salín ng mga kuwento sa mga taong magkakatulad ng mga paniniwala sa relihiyon, lahi, wika, kultura, edad, propesyon, o iba pang mga katangian. Ang mga pakanang ito ay kadalasa’y ikinakalat nang palihim. Ang mga nagpapalaganap nito ay maaaring magsabing **lahat** ng namuhunan sa kanila ay kumita. Subalit, ang mga pamumuhunang ito ay ilegal at higit na mapanganib.

Ang mga “Ponzi o Pyramid Schemes” ay nangangako ng malalaking panumbalik ng ipinuhunan upang maka-akit sa mga bagong mamumuhunan, ngunit ginagamit ang bagong pera upang mabayaran ang mga naunang namuhunan, na nagmumukhang matagumpay. Ang mga pakanang ito’y kadalasa’y nabubuwag— at ang mga bagong namuhunan ay naiwanang may pinansiyal na pagkalugi.

Ang mga Multi-Level Marketing (MLM) na modelo ng negosyo ay kadalasa’y pakanang pyramid din na nagbabalatkayo. Sa mga lehitimong MLM, ang mga kita ay nanggagaling sa paulit-ulit na pagbenta ng mga produkto o serbisyo sa mga mamimili, at hindi dahil sa pang-aakit ng mga bagong tindero. Siguraduhing pag-aralan ng maigi ang kompanya at ang inyong mga pagpipilian bago kayo gumugol ng inyong oras at pera.

Lalong mag-ingat kung:

- Ang mga kalahok ay kumikita sa bawat isang bagong inanyayahang sumali;
- Ang bawat bagong kasapi ay kailangang magbigay ng paunang pamuhunan o bumili ng isang “starter kit” upang makasali;
- Ang mga bagong kasapi ay kinakailangang bumili ng mga karagdagang produkto na higit sa kanilang maibebenta;
- Walang patakaran ng pagsasauli ng ipinamili at panunumbalik ng pinuhunan.

Mga Alok ng Trabaho sa Bahay o “Work-at-Home”; tulad ng mga negosyong online, paglalakip ng sulat sa sobre, o pag-proseso ng mga claim, na tila nagaalok ng mabilisan at madaling kita. Ang mga pakanang ito’y kadalasa’y nanghihingi ng paunang pagbili ng mamahaling mga manwal, produkto o mga listahan ng mga kontak na peke, at ang mga kitang ipinangako ay hindi nakakamit.

Viatical at Kasunduan sa Buhay na Pamumuhunan na mga Pandaraya

Ang mga taong malapit ng mamatay o matatanda ay nagbebenta ng kanilang benepisyo sa pagkamatay ng kanilang polisiya sa life insurance sa isang diskuwentong halaga para sa pera. O kaya, ang mga matatanda ay inaalok ng pera para makalabas sa mga bagong polisiya sa life insurance sa kanilang sariling pangalan, batay sa kanilang kalusugan at edad. Pagkatapos, ang isang broker ay ibebenta ang mga share sa mga namumuhunan, na ang bawat isa ay makakatanggap ng angkop na parte ng benepisyo ng pagkamatay kapag ang insured na tao ay namatay.

Madalas ang mga pamumuhunan na ito ay itinataguyod bilang “guaranteed,” ngunit sa katotohonan ay lubos na mapanganib. Ang mga namumuhunan ay ganap na nakasalalay sa kompanya ng broker upang mahanap ang polisiya, makuha ang pagmamay-ari ng benepisyo sa pagkamatay, bayaran ang mga premium, sundan ang kalagayan ng taong insured, at bayarang lahat ang pamumuhunan. Ang panganib ay tumataas din para sa mga sumusunod na dahilan:

- Ang tiyak na petsa ng kamatayan ay hindi maaaring hulaan
- Lahat ng mga polisiya sa insurance ay maaaring tutulan sa loob ng dalawang taon pagkaraang ipalabas
- Ang mga polisiya ay maaaring nakuha sa pamamagitan ng pandaraya, at lahat ng mga premium ay dapat nabayaran na o ang polisiya ay makakansela
- Karamihan sa mga kompanya ay walang matibay na track record sa pagbabayad ng mga premium o aktuwal na nagbabayad sa mga pamumuhunan kung ang mga ito ay dapat nang bayaran

Ang ibang mga pamumuhunan na kaugnay sa inaasahang pera na natamo o hinaharap na mga kasunduan (halimbawa, mga kasunduan sa insurance, mana, o panalo sa lotto) ay nagbabadya rin ng katulad na mataas na panganib.

Pandaraya sa Telepono



Ang mga mandaraya ay malimit gumagamit ng telepono upang ang mga walang kamalay-malay na matatanda ay linlangin patungkol sa kanilang pera. Mag-ingat kapag sumasagot ng “oo” sa isang automated telephone system na nagdidikta sa inyo na sumagot sa mga tanong— maaaring sumasang-ayon na pala kayo sa mga serbisyong hindi ninyo hinihingi. Maingat din ninyong repasuhin ang inyong mga bayarin sa telepono upang matiyak na tama ang mga ito, baka kayo ay nagbabayad ng isang produkto o serbisyo na hindi ninyo inorder.

“Slamming” at “Cramming”

Ang **Slamming** ay nagaganap kapag ang inyong serbisyo ng telepono ay napalitan mula sa isang kompanya ng ibang kompanya nang wala kayong pahintulot. Upang mapatunayan na hindi pinalitan ang inyong kompanya ng long distance, tumawag sa toll-free number 1-700-555-4141 mula sa inyong telepono sa bahay. Ang **Cramming** ay nangyayari kapag kayo ay sinisingil para sa mga produkto o serbisyo sa inyong bayarin sa telepono na hindi ninyo awtorisado.

Kung Kayo ay Na-slam o Na-cram:

- Tanungin ang mga miyembro ng inyong sambayanan kung nagpalit sila ng mga kompanya ng telepono o umorder ng karagdagang mga produkto o serbisyo.
- Kaagad kontakin ang inyong lokal na kompanya ng telepono o ang inyong napiling mga kompanya ng long distance upang mag-ulat at tutulan ang (mga) singilin. Ang kompanya ay magsisiyasat at sasabihin sa inyo ang resulta nito sa loob ng 30 araw. Tiyakin na kayo ay hindi siningil ng bayad na ipapalit na muli sa inyong napiling kompanya.
- Kung hindi nalutas ng kompanya ang problema, magharap ng reklamo sa **Komisyon ng Pampublikong Utilidad ng California** (tingnan ang pahina 34).
- Tanungin ang inyong kompanya ng telepono na maglagay ng “freeze” sa inyong account upang maiwasan ang slamming. Tanungin din ang inyong kompanya ng telepono para sa “bill blocking,” na makakatulong sa pag-iwas sa cramming.

“Area Code 809” na Pandaraya sa Telepono

Isang nakakagambala o nakakaakit na mensahe ang naiwan sa inyong telepono, pager o e-mail (gaya ng isang miyembro ng pamilya ay maysakit, namatay, o kayo ay nanalo ng isang premyo.) Sa bawat kaso, kayo ay sinabihan na kaagad tumawag sa Area Code 809 na numero—huwag ninyong tatawagan! Ang Area Code 809 ay British Virgin Islands at maaari kayong masingil ng \$2,425 kada minuto, at kahit na kaagad ninyo itong hininto, maaari pa rin kayong singilin.

Bago gumawa at/o ibalik ang anumang tawag sa isang hindi kilalang area code, kontakin ang inyong long distance operator (i-dial ang 00) o hanapin ito sa inyong directory ng telepono. Kung hindi kayo kailanman gagawa ng internasyonal na tawag, sabihin sa inyong kompanya ng telepono na i-block ang mga ito mula sa inyong telepono.

Tungkulin bilang Jury na mga Pandaraya

Ang tumatawag ay nagpapakilala siya bilang isang opisyal ng korte at sinasabing nabigo kayong humarap para sa tungkulin bilang isang jury at isang kautusan ay inalabas para sa inyong pag-aresto. Pagkatapos ang tumatawag ay tatanungin kayo ng inyong personal na impormasyon (petsa ng kapanganakan, social security number, credit card number) para sa “verification.” Ang mga napipiling mga juror sa pangkalahatan ay kinokontakt sa pamamagitan ng koreo, at hindi sa telepono. Ibaba ang telepono! Huwag kailanman magbigay ng inyong personal na impormasyon kapag nakatanggap kayo ng hindi inaasahang tawag sa telepono.

Iba Pang Karaniwang Pandaraya

Ang mga matatanda rin ang pakay para sa ibang pinansiyal na mga pandaraya— karaniwang kabilang ang mga sumusunod:



Impostor o Pag-aabalang Pagnanakaw

Kung minsan ang mga mandaraya ay nagpapanggap na utilidad, gobyerno, o komersiyal na kinatawan upang makapasok sa inyong bahay, makakuha ng pera, o personal na ari-arian. Kung hindi kayo tumawag para sa serbisyo, huwag silang pahintulutang pumasok. Palaging patunayan ang kanilang pagiging lehitimo bago sila payagang pumasok. Kadalasan, ang isang tao ay maaaring subukan na makipag-usap sa inyo sa harap ng bahay habang ang isang kasabwat ay nagnanakaw sa inyong tahanan habang kayo ay abala (ang mga grupong ito ay maaaring gumamit ng mga bata o nawawalang alagang hayop bilang taktika upang makuha ang inyong tiwala). Isang magandang ideya rin na palaging nakasara ang inyong mga pintuan at nakakandado ang garahe habang kayo ay nagtrabaho sa inyong bakuran.

Kawangawang mga Pandaraya

Ang mga manggagantso’y kadalasa’y sinasamantala ang kagandahang-loob ng iba. Ang mga manggagantso ay maaaring magpanggap bilang kumakatawan sa mga institusyon ng pagkakawanggawa, ngunit sila’y nangongolekta ng pera para sa kanilang mga sarili lamang. Mag-ingat sa mga nanghihingi ng donasyon para sa mga institusyon ng pagkakawanggawa na hindi ninyo kilala, at huwag kayong mag-atubiling mag-tanong tungkol sa mga institusyong inyo na’ng kilala. Siguraduhin na ang institusyon ng pagkakawanggawa ay lehitimo at ang inyong mga donasyon ay sumusuporta sa mga tunay na programa at serbisyo – hindi ang matataas

na mga administratibong gastos at kalakal. Mga halibawa ng mga pangkaraniwang panlilinlang sa pagkakawanggawa ay ang mga fundraiser ng mga pulis at bumpero, mga pekeng simbahan, at mga tulong sa mga sakuna na hindi nakarating sa mga taong nangangailangan.

Bago kayo magbigay ng donasyon, gamitin ang pambansang kinikilalang website na **“Charity Navigator”** www.charitynavigator.org

para sa mga mahahalagang tulong sa pagsiyasat ng mga organisasyon sa pagkakawanggawa. **At:** Mag-ingat din sa mga imbitasyong mamuhunan sa mga bono ng mga muling pagtatatag o “reconstruction bonds” (lalo na pagkatapos ng kilalang sakuna tulad ng bagyo o “hurricane” o sunog). Malamang mangyari na ito’y mga panlilinlang o panggagantso.

Mapangharang na Pagpapautang, Panlilinlang sa Mortgage, at Panlilinlang sa Foreclosure

Mapangharang na Pagpapautang at Panlilinlang sa Mortgage ay sumasakop ng maraming pagpipiliang abusadong gawi at ito’y kadalasa’y nakaaapekto sa mga humihiram na may mahina o may bahid ang mga “credit record”. Ang pang-aabuso ay maaaring sinasakop ng pagpipilit sa mga mamimili sa pag-lagda sa mga pagkaka-utang na hindi nila kayang bayaran, pagkumbinse sa mamimili na lumagda sa mga kasunduan ng pagkaka-utang na hindi nila binasa, di nakalantad o higit na labis ang interes, mga nakatagong

kabayaran, mga pagpaparusa sa maagang pagbabayad o prepayment penalty, mga “balloon payment,” paulit-ulit na alok ng pag-refinance, at iba pang di nararapat na gawain. Kumontak sa Kagawaran ng Korporasyon upang mag-sumite ng reklamo tungkol sa kumpanya o taong nag-aalok, o upang humingi ng tulong sa kung ano ang tamang sangay ng gobyerno ang karapatdapat ikontak.

Panlilinlang sa Foreclosure: Ang higit na tumataas na antas ng mga foreclosure ay nagbibigay-daan sa pagdami ng mga panggagantso ng pananagip sa foreclosure at iba pang mga nahahalintulad na mga panukala. Mag-ingat, at huwag ninyong ipamigay ang inyong mga ari-arian sa paglagda kaagad!

- Ang ibang mga may ari ng bahay ay nalililang sa paniniwalang maaari nilang mai-salba ang kanilang bahay sa pamamagitan ng paglipat ng titulo o kasulatan sa isang ikatlong partido na nangangakong babayaran ang buong harapang gastusin at ibebenta ang bahay sa tunay na may ari kapag kaya na nilang bayaran ito. Ang ikatlong partido ay muling pagkakautangan ang ari-arian, at kadalasa’y pababayaan itong muling pumalya sa bayaran ng ikalawang beses. Mawawala ang lahat sa mga tunay na may ari.
- Ang ibang mga may ari ng bahay ay inaakit na ibigay ang kanilang bahay at umupa sa bibili nito, na may pangakong muling ibebenta ang bahay sa tunay na may ari kapag kaya nang bayaran ito. Sa kasamaang-palad, malalaman na lamang ng mga may ari ng bahay na ang panibagong halaga ng upa o ng renta ng bahay ay higit na ipinalaki at hindi na nila kayang bayaran. Ang “sumagip” sa kanila ngayo’y ibebenta ang bahay, at kanila ng pananatiliin ang tubo.
- Kung minsan, ang mga manggagantso ay nagpapanggap na may ari ng bahay at susubukang ipaupa ang mga foreclosed na

bahay sa mga walang kaalam-alam na mga taong naghahanap ng uupahan— at pagkatapos ay mawawala ang kanilang deposito at bahay na titirhan.

Kung kayo’y naniniwalang kayo’y naging biktima ng panlilinlang sa foreclosure o kayo’y nakaranas ng kahirapan sa isang loan modification company, kumontak sa **California Attorney General’s Public Inquiry Unit** sa **1-800-952-5225** o pumunta sa www.ag.ca.gov

Online na Pamimili at Online Escrow na Pandaraya

Mag-ingat pag namimili online o sa pangangasiwa ng transaksyong pinansiyal sa Internet. Ang mga manggagantso ay madaling makukuha ang inyong mga pera sa pamamagitan ng paggamit ng mga dinayang auction, mga hindi totoong kumpanya, o hindi totoong mga paninda. Siguraduhing siyasatin ang kumpanya sa Internet at basahin ang mga sinasabi ng ibang mga mamimili tungkol sa kanilang mga dinanas at mga tala ng kanilang kasiyahan bago kayo magpatuloy.

Tandaan din na ang mga kumpanya ay nagbibigay ng magkakaibang mga tuntunin at kondisyon, katulad ng mga patakaran tungkol sa proteksyon laban sa panlilinlang o panloloko, pagsasauli ng ipinamili, kailan ang pagsingil, mga kabayaran, kabayaran sa pagpapadala, at iba pa. Siguraduhing siniyasat at naintindihan ninyo ang mga ito bago makipagkalakalan sa kumpanyang iyon.

Ang mga manggagantso ay kadalasa’y nang-aakit ng mga mapagtiwalang mga mamimili na ilagay ang kanilang pera sa mga hindi totoong serbisyo ng online eskrow (mga ikatlong partido na kumpanya na nagsisiguro ng paglilipat ng paninda at ng kabayaran ay napatupad). Laging siguraduhin ang pagka-lehitimo ng serbisyong online eskrow sa pamamagitan ng pagsusuri tungkol sa kumpanya sa Internet at paghahanap ng mga tala ng kasiyahan ng mga dating mamimili ng mga ito.



Para sa mga mamahaling mga bilihin (katulad ng sasakyan), makipagkalakalan **lamang** sa tao at paninda na inyong nakikita nang harap-harapan. Kung ang tao'y hindi maari o ayaw makipagkita sa inyo bago kumpletuhin ang transaksyong pinansiyal, kailangan ninyong maghinala. Ang pag-aatubiling makipag-kita sa inyo nang harap-harapan ay siguradong senyales ng panlilinlang.

Huwag magbigay ng personal o pinansiyal na impormasyon sa Internet maliban na lamang kung kayo'y nakasisiguro na ito'y isang "secure website" at **kayo** ang nagpasimuno ng kontak. (Ganoon din sa mga tawag sa telepono – magbigay lamang ng personal na impormasyon kung kayo ang tumawag!) Siguraduhing gumamit lamang ng lehitimo at seguradong mga website –ang mga "secure websites" ang mga mayroong "s" sa dulo ng **http:** sa "web address," na ipinapakitang ganito **https:**

Dahil sa ang mga ipinamili sa paggamit ng "credit card" ay nasasakop ng mga batas pederal para sa proteksiyon ng mga mamimili, kung posible, gumamit ng "credit card" para sa mga binili sa "mail order", inorder sa telepono, at binili online. Ang mga debit card, personal na tseke, cashier's checks, Money Grams, at money orders ay **hindi** nagbibigay ng kaparehong antas ng proteksiyon para sa mga mamimili. Siguraduhing siyasatin ang inyong mga credit card na bayaran at hanapin kung mayroong mga mali o mapaglinlang na paniningil.

Pagkukumpuni ng Bahay na Pandaraya

Ang door-to-door na pag-aalok para sa "great deals" sa paggawa sa bakuran, pagkukumpuni ng bubong, paglalalatag ng kongkreto, pagwawalis ng chimney, pagpintura ng bahay, at pagpapalit ng mga kasangkapan, at iba pa., ay hindi palaging isang bargain. Maraming pagkakataon na ang door-to-door na mga kontratista ay hindi lisensiyado. Ang kanilang mga gawa ay maaaring hindi kumpleto o hindi ayon sa mga pamantayan ng kodigo sa gusali, at maaari kayong singilin para sa mga mahihinang materyales o hindi kinakailangang pagkukumpuni o pagpapalit. Ang mga manggagawa ay maaari kayong pilitin na gumawa ng desisyon kaagad nang walang nakasulat na kontrata.

Bago magsimula ng anumang mga proyekto sa pagkukumpuni ng bahay, tiyakin na napatunayan ang lisensiya ng kontratista at liability insurance. Kontakin ang **Lupon ng Pangestadong Lisensiyang Kontratista ng California** o California Contractors State License Board (tingnan sa pahina 35) upang mapatunayan ang lisensiya ng kontratista.

Palaging kumuha ng hindi bababa sa tatlong nakasulat na mga alok, at kumuha ng mga sanggunian mula sa mga naging kustomer. Huwag kailanman magbayad ng cash, at ang batas sa California ay nagpapahintulot sa inyo na manguna sa paggawa sa pamamagitan ng pagbabayad nang hindi hihigit sa 10% na panimulang bayad o

\$1,000, alinman ang mas mababa. Huwag gawin ang panghuling bayad hangga't kayo'y nasiyahan sa gawain at ang lahat ng pira-pirasong labi ay inalis sa inyong pag-aari.

Pandaraya sa Medicare

Ang pandaraya sa Medicare ay mayroong iba't ibang anyo at nagkakahalaga sa mga nagbabayad ng buwis ng daan-daang milyong dolyar kada taon. Kung minsan ang mga pasyente ay sinisingil para sa mga serbisyo na sinasakop na ng Medicare, kung kaya't patunayan na lahat ng mga singilin, kabilang ang mga co-payment, ay nararapat ninyong bayaran. Huwag ninyong dalhin ang inyong Medicare card maliban kung ito ay inyong kailangan para sa isang pakikipagkitang medikal. **HUWAG KAILANMAN** ibigay kaninuman ang numero ng inyong Medicare maliban sa inyong tagapagkaloob ng kalusugang pangangalaga, kahit na sa mga pagtitipong pangkalusugan at "libreng" pagsusuri. Mag-ingat—iwasan ang mga tagapagkaloob ng kalusugang pangangalaga na nagsasabi sa inyo na ang ilang bagay ay hindi kadalasan nasasakop, ngunit kaya **nilang** pabayaran ito sa Medicare.

Ang Medicare ay kadalasang sinisingil para sa mga serbisyo na hindi ninyo natatanggap. Sa kalaunan, maaaring hindi na ninyo matanggap ang kinakailangang pangangalaga dahil ang taunang alokasyon ay nagamit na. Laging repasuhin ang inyong Medicare Summary Notice, at ipagbigay-alam ang mga kamalian at alalahanin sa Medicare Administrative Contractor na nakalista sa Medicare Summary Notice. Ipagbigay-alam ang hinihinalang pandaraya sa Medicare sa **Kagawaran ng Lingkurang Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos** o U.S. Department of Health and Human Services (tingnan sa pahina 33).

Ingatan din ang inyong sariling medikal na pagkalahim sa pamamagitan ng hindi kailanman pagpapahintulot sa sinuman, maliban sa angkop na propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, na repasuhin ang inyong medikal na talaan o

magrekomenda ng mga serbisyon medikal. Alamin din na ang mandaraya ay maaaring subukang nakawin ang inyong personal na impormasyon mula sa inyong medikal na talaan, kaya't tanungin ninyo ang tungkol sa seguridad ng mga datos.

Alamin ang inyong mga opsiyon sa Medicare—Ang Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP) ay tumutulong sa mga indibiduwal at pamilya na may mga problema sa Medicare, medicare supplement insurance, pinamahalaang pangangalaga, pagpapalano ng matagalang pangangalaga at health insurance (tingnan ang pahina 36 para sa listahan ng **HICAP**).

Panlilinlang ng Tagapangalaga o "Caregiver"

Kapag ang isang tao'y dumating sa panahon na hindi na niya kayang pangalagaan ang kaniyang sarili, sila'y maaaring kumuha ng tagapangalaga o "caregiver", isang pinagkakatiwalaang tao na naglilingkod sa kanilang mga pangangailangan at responsable sa kanila. Ang mga tagapangalaga ay malawak na salita na maaring sinasakop ang mga kamag-anak, kaibigan, o sino mang kinuha para tumulong sa taong iyon. Sa kasamaang-palad, dumadalas ang panlilinlang, pagnanakaw, at manipulasyon ng mga tagapangalaga.

Minsa'y kinukuha ng mga tagapangalaga ang pera at mga ari-arian ng mga matatanda kahit na sila'y isang pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya. Maaaring iniisip ng tagapangalaga na hindi mapapansin ng matanda ang pagkawala ng mga bagay na iyon, o naniniwala silang ayos lang kumuha ng mga gamit dahil mamanahin naman ng tagapangalaga ang mga iyon. **Iligal ang mga gawaing iyon**, kahit na sino pa ang gumagawa nito, at kailangang isumbong sa mga local na opisyal na nagpapatupad ng mga batas o sa **Adult Protective Services**.

Maghinala kung:

- ang tagapangalaga ay nag-aatubili na gumugol ng pera para sa matanda para sa kinakailangang paggamot, pagkain, gamot, pananamit, o iba pang serbisyo para sa matanda;
- ang tagapangalaga ay inilalayo ang matanda sa kaniyang mga pamilya, kaibigan, o kapitbahay;
- ang tagapangalaga ay interesado sa mga gawaing pinansiyal ng matanda;
- ang tagapangalaga ay “binigyan” o “humiram” ng mga mamahalin (katulad ng alahas) o ng mga yamang pinansiyal na nanggaling sa matanda na mayroon o walang pahintulot ng matanda;
- ang tagapangalaga ay naglalabas ng pera sa bangko sa ngalan ng matanda, ginagamit ang credit card ng matanda, o lumalagda sa mga tseke – na hindi nalalaman o walang pahintulot ng matanda;
- idinagdag ng matanda ang pangalan ng ang tagapangalaga sa kaniyang mga account sa bangko na nagbibigay ng buong kapangyarihan sa pera ng matanda;
- muling isinulat ng matanda ang kanilang testamento o huling habilin, at ipinangalan ang tagapangalaga na tagapagmana;
- itinukoy ng matanda ang tagapangalaga sa kaniyang “financial power of attorney,” na nagbibigay ng buong kapangyarihan sa tagapangalaga sa lahat ng mga gawaing pinansiyal;
- ang tagapangalaga ay nagpapanggap na may malaking prolema at humihingi ng malaking halaga sa matanda. Kasama sa mga madalas na ehemplo nito ay mga mamahaling paggamot, malalaking pagkaka-utang na legal, bagong sasakyan, o may matinding pangangailangan ng pinansiyal na tulong ang isang kamag-anak.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pang-aabuso ng mga Matatanda at ng Pang-aabusong Pinansiyal sa mga Matatanda, tumingin sa pahina bilang 27.

Phishing

Ang mga phisher ay lumilikha ng parang totoong mga e-mail, text messages, at pahina sa Internet na eksaktong nagpapakita ng katulad ng mga totoong bagay upang maakit ang hindi naghihinalang mga tao na ipahayag ang personal o pinansiyal na mga impormasyon (gaya ng mga detalye sa credit card o mga password). **Huwag** sagutin ang e-mail o tawagan ang numero ng teleponong nakalista, na maaaring palsipikado.

Kung hindi ninyo sinimulan ang pagkontak, **huwag** magbigay ng anumang personal na impormasyon sa pamamagitan ng e-mail o ng telepono. Kung ang pagkontak ay mukhang lehitimo, alamin kung totoo ang numero ng telepono ng customer service ng kompanya sa pamamagitan ng pagtingin sa inyong pinakahuling billing statement, at pagkatapos ay tumawag.

Sweepstakes o Mga Nanalo sa Loterya At Panlilinlang na Liham na nagmula sa Ibang Bansa

Huwag maniwala at huwag sumagot sa mga tawag, e-mail, text message sa inyong cell phone, o liham na nagpapahiwatig ng inyong pagkapanalo sa sweepstakes o loterya, kahit na kayo’y hindi naman bumili ng ticket – ang mga ito’y panlilinlang! Ang mga pangkaraniwang panloloko’y katulad ng El Gordo (at mga loterya sa ibang bansa), mga “libreng” cruise o mga bakasyon, “libreng” gulong o iba pang serbisyo para sa sasakyan, at maaaring pati ang mga ripa sa mga malalapit na paaralan at simbahan.

ILIGAL para sa mga lehitimong sweepstakes or loterya na humingi ng kabayaran sa mga nanalo (maliban sa pagbili ng tiket) **bago** ibigay ang gantimpala. Kung mayroong humingi sa inyo ng kabayaran para sa mga buwis o mga legal fees **bago** ninyo matanggap ang inyong napanalunan, ito’y isang panggagantso! Maaari din kayong bigyan ng tseke na malalaman na lang ninyo na peke. Ang mga hindi naghihinalang biktima ay maaaring makumbinseng maglipat ng pondo,

magpadala ng cashier's check, o magbigay ng impormasyon nila sa bangko – at sa huli ay malalaman nila na sila'y naloko at nawala na ang kanilang pera! Huwag **kayo magpapanilwala sa mga ito!**

Iba pang katulad na panggagantso: nakatanggap kayo ng liham ng pag-apela, tawag, o e-mail na nanggaling sa isang stranghero na nagpapanggap na abogado ng isang kamamatay lang na kamag-anak na hindi ninyo kilala. O, ang isang "opisyal" ng gobyerno, balo, o isang taong nagpapanggap na U.S. servicemember na nasa ibang bansa ay kumontak sa inyo at humihingi ng inyong agarang tulong upang maglabas ng pera sa bansa. **Mag-ingat!** Ito'y mga panlilinlang na ginawa upang kunin ang inyong mga pera o makuha ang inyong personal na impormasyon sa mga account ninyo.

"Sweetheart Swindle"

Sa isang karaniwang sweetheart swindle, ang isang matanda ay kinaibigan ng isang nakababatang tao na nagpapanggap na may tunay na pagmamalasakit o may romantikong interes sa matanda. Matapos maitatag ang relasyon, hihingi ng tulong ang taong iyon sa matanda, lalo na ang pinansiyal na tulong. Sa mga pinakamasamang mga kaso, nakumbinse na ng taong iyon ang matanda na magpakasal. Kadalasan, ang mga manggagantsong ito ay

- inaalang ang mga pang araw-araw na gawain ng matanda (tulad ng araw-araw na almusal sa isang coffee shop) upang malagay sila sa posisyon na makuha ang tiwala ng matanda;
- pagsamantalahan ang kalungkutan ng matanda o ng hilig sa mga libangan (tulad ng ballroom dancing) sa pamamagitan ng pakikipag-kaibigan sa kanila;
- nangangakong aalagaan ang matanda sa pamamagitan ng pag-alok ng pag-asikaso ng pinansiyal na gawain ng matanda, mamili at iba pang mga lakarin, mag-alok ng sasakyan, o tumulong sa pag-siguro ng mga kailangang gamot;

- mag-alok na asikasuhin ang mga aayusin para sa burol at libing ng matanda matapos ito mamatay.

Huwag kayong maniwala sa mga ito! Ang mga gawaing ito ay maaaring pinansiyal na pang-aabuso sa mga matatanda. Tingnan ang nakasulat tungkol sa Pang-aabuso sa mga Matatanda sa pahina 27.

Pangangalaga sa Inyong Personal na Impormasyon...

Mga Tulong Gabay: Siyasatin kaagad ang lahat ng bayarin at ulat pinansiyal matapos matanggap ang mga ito • pilasin ng maliliit, huwag itapon, ang mga pinawalang-bisang tseke, ulat ng credit card, lumang bayarin, at iba pang pinansiyal na papeles • Upang protektahan ang inyong sarili sa mga magnanakaw ng koreo, ihulog ang mga liham sa post office o ibigay mismo sa inyong kartero • HUWAG gumamit ng mga bagay tulad ng pangalan ng inyong ina bago ito nag-asawa, mga petsa ng kaarawan, bilang ng telepono, magkakasunod na bilang, o ang huling apat na bilang ng inyong Social Security para sa anumang password.

Hingin at Siyasatin ang inyong “Credit Report”

Ang **credit report** ang nagpapakita ng inyong mga gawaing pinansiyal, kasma na ang mga utang, hindi nababayaran balanse, kung regular ang inyong mga pagbabayad, at anumang aksiyong laban sa inyo dahil sa mga hindi nabayaran pagkakautang. Mabuting siyasatin ang inyong credit report minsan sa isang taon. Hanapin ang mga “account” na hindi ninyo nakikilala (lalo na ang mga bagong “account”), mga kahina-hinalang singilin, mga pagkakamali, o anumang tirahan na hindi ninyo tinirhan.

Mayroong tatlong pambansang “credit bureau:” Trans Union, Experian, at Equifax. Ang bawat isa ay sumusunod at sumisiyasat sa magkakaibang impormasyon, kung kaya’t kailangan ninyong siguraduhin ang pagka-wasto ng mga datos sa bawat isang “credit bureau”. Kung kayo’y makahanap ng mga pagkakamali, kailangan ninyong magsumite ng nakasulat na reklamo at mag “follow up” upang siguraduhing gawin ang mga pagwawasto.

Kayo ay may karapatang tumanggap ng inyong **libreng** “credit report” mula sa **bawat** isang “credit bureau”, isang beses kada taon. Maaaring ninyong hingin ito ng isang beses bawat taon at makuha ang tatlong ulat nang sabay-sabay. O maaari ninyong paikutin ang inyong mga paghiling upang makatanggap kayo ng isang ulat mula sa

isa sa mga tatlong “credit bureau” kada apat na buwan— ito’y higit na inirerekomenda kung kayo ma’y ninakawan ng wallet o nagging biktima ng “identity theft!”

Sa kasamaang-palad, ang mga bata (katulad ng mga matatandang hindi na humahawak sa kanilang sariling pera) ay maaari ding maging biktima ng “identify theft”, kung kaya’t kailangan din ninyong humingi ng kopya ng kanilang “credit report” isang beses isang taon.

Hingin lamang ang inyong libreng “credit report” sa IISANG otorisadong sangay:

www.annualcreditreport.com o tumawag sa toll-free number 1-877-322-8228

Kung inyong nanaisin, maaari din kayong magsumite ng nakasulat na kahilingan— i-download ang “Annual Credit Report Request Form” sa kanilang website at ipadala ito sa:

Annual Credit Report Request Service, P.O. Box 105281, Atlanta, GA 30348-5281

Mag-ingat: ang mga ibang website o kumpanya ay maaaring mag-alok ng mga “libreng” credit report, ngunit sisingilin kayo para sa ibang produkto o serbisyo (katulad ng mamahaling proteksiyon laban sa ID-theft) kung kayo’y mag-order ng “libreng” report.

Protektahan ang Inyong Credit

Kung malaman ninyo na mayroong nagnakaw ng inyong katauhan o identity, o nais ninyong protektahan ang inyong sarili laban sa mga di otorisadong aktibidad sa inyong mga account, maaari ninyong **i-Freeze ang inyong Credit**. I-kontak ang tatlong pambansang credit bureau at sundan ang mga tuntunin ng bawat isa (sisingilin kayo ng bawat isa ng \$10). Kung kailangan ninyo ng karagdagang credit sa hinaharap, maaari ninyong tanggalin ang freeze—ang singil ay \$10 – \$12 bawat isang credit bureau. Kung kayo’y biktima ng identity theft o pagnanakaw ng katauhan, ang mga ito’y hindi sisingilin.

Trans Union	1-800-680-7289
Experian	1-888-397-3742
Equifax.....	1-800-525-6285

“Opt-Out” pag-alis ng iyong pangalan sa mga mailing list na nag-aalok ng karagdagang credit o pautang o insurance. Magtungo sa **Consumer Credit Reporting** www.optoutprescreen.com o tumawag sa toll-free number 1-888-567-8688.

Kung ang Inyong Pagkakakilanlan ay Ninakaw: Kaagad ipagbigay-alam ang pagnanakaw sa inyong pagkakakilanlan sa kagawaran ng inyong lokal na pulisya. Ibigay lahat ng impormasyon kung kinakailangan, kabilang ang mga kopya ng mga ulat ng credit at iba pang aytem na kaugnay sa pagnanakaw ng inyong pagkakakilanlan. (Tiyakin na huwag isama ang mga impormasyon na walang kaugnayan sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.) Humingi ng ulat ng pulisya dahil kakailanganin ninyong magbigay ng mga kopya sa mga creditor at sa mga kawanihan ng credit (nakalista sa itaas). Ibigay sa pulisya ang anumang bagong ebidensiya na inyong makokolekta pagkatapos. Maging maalam—ang paglutas sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay maaaring umabot ng mahabang panahon.

Upang tumulong sa inyong pag-organisa at pagsubaybay sa inyong kaso, tingnan ang “Organizing Your Identity Theft Case” sa **Identity Theft Resource Center:** www.idtheftcenter.org/index.html

Para sa Karagdagang Tulong, Kontakin:
CA Office of Information Security and Privacy Protection Hotline: 1-866-785-9663
o
U.S. Federal Trade Commission Identity Theft Hotline: 1-877-438-4338

Kung ang Inyong Social Security o Medicare Card o Numero ay Ninakaw:

Kung may hinala kayo na may isang tao pa na gumagamit ng inyong Social Security number, o kung kayo ay nakatanggap ng pasabi mula sa Internal Revenue Service tungkol sa hindi iniulat na buwis sa kita (taxable income) na hindi inyo, o kung may hinala kayo na ang inyong Medicare number ay hindi maayos na ginamit, kontakin ang **U.S. Social Security Administration** (tingnan ang pahina 37).

Kung ang Inyong Credit Card ay Nawala o Ninakaw: Kaagad kontakin ang inyong kompanya ng credit card upang makansela ang credit card. Sa ilalim ng batas, kapag inyong iniulat ang pagkawala o pagnanakaw, kayo ay wala nang karagdagang pananagutan na pinansiyal para sa mga hindi awtorisadong singilin.

Kontakin ang anuman sa tatlong credit reporting na mga kompanya (nakalista sa itaas) upang pangunahan ang isang free-of-charge “fraud alert.” Ang kawanihang ito ay ipapaalam sa dalawang iba pa, at isasagawa ang mga pamamaraan para maiwasan ang sinuman mula sa paggamit ng credit sa inyong pangalan o paghiling ng isang kapalit na kard sa inyong kasalukuyang mga account. Ang babala sa pandaraya ay mananatiling aktibo sa loob ng 90 araw.

Sa pamamagitan ng ulat ng pulisya, kayo ay maaari ring humiling ng isang extended fraud alert na tatagal ng 7 taon. (Upang maalis ang “fraud alert,” dapat ninyong kontakin ng isa-isa ang bawat credit reporting na mga kompanya.)

Kung ang Inyong mga Tseke, ATM Card o Bank Account na Impormasyon ay

Nawala o Ninakaw: Kaagad ipagbigay-alam sa inyong bangko o credit union na ihinto ang pagbayad at sabihin sa mga ito na ipagbigay-alam sa kanilang kompanyang nagpapatunay ng tseke. Sundan ito ng pagsulat; itago ang kopya at ipadala sa pamamagitan ng “certified mail, return receipt requested.” Palitan ang inyong mga password o isara ang (mga) account at magbukas ng bagong account na may bagong password. Kung ang inyong mga tseke ay ninakaw, kontakin ang mga kompanyang ito sa toll-free:

TeleCheck 1-800-710-9898
Certegy, Inc. 1-800-437-5120

Upang malaman kung ang mga bad check ay ipinasa na gamit ang inyong pangalan o account, kontakin:

SCAN 1-800-262-7771

Kung ang Inyong Lisensiya sa Pagmamaneho o DMV-issued ID Card ay Nawala o Ninakaw:

Kaagad pumunta ng **personal** sa inyong lokal na tanggapan ng Department of Motor Vehicles at mag-aplay para sa kapalit na Driver’s License/ID card. Pagkatapos, hilingin na ang DMV ay magpalabas ng isang babala sa pandaraya (fraud alert) sa numero ng inyong lisensiya.

DMV Toll-Free Fraud Hotline: 1-866-658-5758

E-mail: DLFraud@dmv.ca.gov

Kung may isang taong gumagamit ng inyong Driver’s License/ID card number bilang kanilang

ID, kontakin ang tanggapan ng inyong lokal na DMV para makipag-kita. Kakailanganin ninyong patunayan ang inyong pagkakakilanlan, kung kaya’t magdala kayo ng kasalukuyang mga dokumento tulad ng pasaporte, katumayan ng pagka-mamamayan o naturalization, o isang U.S. military photo ID. Magdala rin ng kopya ng ulat ng pulisya, mga bill, at iba pang ebidensiya na nagpapamalas na ninakaw ang inyong pagkakakilanlan. Kung natugunan ninyo ang mga kailangan ng DMV para sa ninakaw na pagkakakilanlan, bibigyan kayo ng DMV ng bagong Driver’s License/ID card number.

Kung Naghihinala ng Pandaraya sa

Koreo: Ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan at pinansiyal na pandaraya ay malimit isinasagawa sa pamamagitan ng United States Postal Service (USPS), na isang pederal na krimen. Kung nakatanggap kayo ng kahinahinalang pangangalap sa pamamagitan ng koreo o naghihinala kayong ang inyong sulat ay pinakialaman, kontakin ang **USPS Inspector General** (tingnan ang pahina 32).

Check Washing

Ang mga nagnanakaw sa koreo ay maaaring burahin ang tinta sa tseke sa pamamagitan ng karaniwang mga kemikal. Pagkatapos ay muling susulatan ang tseke, daragdagan ang halaga, at makukuha ang pera sa kanilang pangalan. Gumamit ng mga gel pen na may tatak na “prevents check washing” kapag sumusulat sa mga tseke at pumipirma ng mahahalagang dokumento, at ipadala ang mahahalagang dokumento sa tanggapan ng koreo.

Pagkapribado sa Internet

Mag-ingat pag naglalagay ng anumang personal na impormasyon sa web—mahirap, kung di imposible, itong tanggalin.

Mahusay na Pag-alaga sa Pera

Ang kalusugang pinansiyal ay nakadugtong sa pisikal at mental na kalusugan, lalo na sa mga matatanda. Kung hindi niyo pa nagagawa, gumawa kayo ng buwanang/taunang budget, tukuyin ang inyong mga layuning pinansiyal, at magtatag ng planong pinansiyal. Kahit na ang tingin ninyo sa sarili ninyo’y hindi namumuhunan o “kapitalista,” lahat ng taong bumibili ng pagkain, mayroong telepono, nagbabayad ng upa, at iba pa, ay nakikilahok, at samakatuwid ay namumuhunan sa ekonomiya. Kaya’t kailangan ninyong siguraduhing kontrolado ninyo ang inyong mga pinansiyal na kagustuhan at nakukuha ninyo ang higit na pakinabang sa inyong pera.

Mga Simpleng Hakbang upang Maalagaan ang Inyong Pera

- Gumawa ng listahan ng lahat ng inyong pinagkakakitaan at lahat ng inyong pinagkakagastusan (malalaki at maliliit).
- Itala ang kabuuang halaga ng inyong mga bayarin sa bawat buwan. Tandaan din na ang mga halaga ng bayarin sa bawat buwan ay maaaring maiba base sa kung kailan kailangan bayaran ang bawat isa. Siyasatin ang mga araw kung kailan kailangan bayaran ang mga ito at bayaran sa oras ang mga bayarin.
- Bayaran ang mga utang, lalo na ang mga matataas ang interes. Ang pagbabayad ng utang ay paraan ng pagkakaroon ng makukuhanang pondo o pera at nagbibigay ng pakiramdam na pagkaganap na maaaring makatulong sa pagbigay ng panibagong lakas o inspirasyon na tukuyin ang ibang mga pinansiyal na pagsubok.
- Siyasatin ang inyong mga ipinamimili upang malaman kung saan kayo makakatipid. Ang mga maliliit na bagay, tulad ng pagkain sa labas at tiket ng sine ay maaaring magprisinta ng magagandang pagkakataon sa pagtitipid.
- Mag-ipon para sa mga hindi inaasahang gastusin sa pamamagitan ng paggawa ng isang emergency fund. Ang regular na pag-iipon ng kahit na maliliit na halaga ay mabilis na lalaki pag lipas ng panahon.
- Magplano para sa mga minsanang malalaking gastusin tulad ng insurance, bayad sa mortgage, buwis ng ari-arian, at pangungumpuni ng sasakyan. Huwag niyo ring kalimutan ang mga espesyal na okasyon tulad ng mga pista at mga kaarawan.
- Subukang gamitin ang credit card para sa kaginhawahan lamang. Kung posible, bayaran ito ng buo kada buwan, o bayaran ang higit sa “minimum” na kailangang bayaran sa isang buwan. Tandaan na ang interes ng credit card ay mabilis na nagpapalaki sa pinagkakautangang halaga.
- Huwag magpapaniwala sa mga mapagsamantalang pagpapa-utang, kasama na ang mga utang na hindi niyo kayang bayaran na may mga hindi nakalantad o labis na interes, nakatagong bayarin, at parusa sa maagang pagbayad o prepayment penalty.
- Kung kayo o ang mga miyembro ng inyong pamilya ay nagkakaroon ng mga pinansiyal na paghihirap, huwag ninyo pabayaang pigilan kayo ng takot o hiya sa paghahanap ninyo ng tulong!

Mga Benepisyong Pagba-bangko

Halos 9 na milyong mga Amerikanong pamamahay ay hindi nagba-bangko (wala ni isang tao ay may bangko o account sa credit union). May karagdagang 21 milyong pamamahay ay tinatawag na “underbanked” (mayroong may checking o savings account ngunit gumagamit pa rin ng money order, mga serbisyong check-cashing, mga kasunduang rent-to-own, sanglaan, o payday at iba pang pagkakautang sa inaasahang padating na pera.) (Tingnan ang artikulo sa pahina 24)

Mayroong epekto sa pinansiyal na aspeto ang hindi pagbangko.

Ang mga pamamahay na di nagbabangko ay gumagastos ng humigit kumulang **\$800 kada taon** sa mga transaksyong pinansiyal, tulad ng mga gastos sa pag “cash” ng tseke, pagbabayad ng pagkakautang, at pagpapadala ng pera sa iba. Ang mga taong hindi nagbabangko ay kadalasa’y hindi nakakapagtatag o hindi napapaganda ang kanilang credit rating, at hindi kumikita ng interes sa savings. Kung walang establisadong tala ng credit, ang mga pamilyang hindi nagbabangko’y maaaring hindi tanggapin sa pangungupahan, o magkaroon ng kahirapan sa pag-konekta ng mga gamit tulad ng kuryente at tubig. At, dahil maraming tagapag-empleyo ay nangangailangang gumawa ng credit check bago tanggapin ang isang empleyado, maaaring mahirapan din ang mga taong hindi nagbabangko sa paghahanap ng trabaho.

Ang mga taong hindi nagbabangko ay higit na madaling mabiktima ng manggagantso, at magnanakaw dahil ang pera ay higit na mapanukso at mahirap bawiin. Mga suweldo, refund ng buwis, o mga tseke ng benepisyong mga programa ay maaaring nakawin sa inyong buson. At, kung kayo’y gumagamit ng pera o money order sa pagbabayad ng pinagkakautangan, maaari itong mawala o manakaw at hindi umabot sa tinutukoy na pagdadalhan.

Ang account ng bangko o credit union ay makakapag-bigay sa inyo ng maraming benepisyong. Ang pagtatabi ng pera ninyo sa bangko

o credit union ay mas ligtas kaysa sa pagdadala nito o sa pagtatago nito sa bahay ninyo. Sa account sa bangko o credit union, mas madaling kumuha ng personal na utang, utang para sa sasakyan, utang ng mag-aaral, at pambahay na utang dahil ang bangko at credit union ay mas nagbibigay ng mga pautang sa kanilang mga sariling kliyente.

Ang pagkakaroon ng account ay malaking tulong sa inyo upang inyong mapangalagaan at sundan ang inyong pera, at dahil sa may insurance ang mga bangko at credit union, nakasisiguro kayo na ligtas sa panganib ang inyong pera. Maaari ninyong itaguyod at pagandahin ang inyong credit rating, at kumita ng pera sa inyong savings. At upang mapangalagaan ang inyong pera, karamihan ng mga tagapag-empleyo ay nag-aalok ng direct deposit, na nagbibigay ng karagdagang seguridad at kaginhawahan.

Huwag ninyong sayangin ang inyong pera sa di kailangang bayarin. Sa pagkakaroon ng savings o checking account, ang pag palit ng tseke, mga deposito, at pagbabayad ng bayarin ay karaniwang libreng serbisyo. At kadalasan, ang mga bayarin na pinapataw sa mga money order o cashier’s check ay mas mababa kaysa sa sinisingil sa mga taong hindi nagbabangko.

Ikumpara ninyo ang mga serbisyo at bayarin ng iba’t-ibang institusyong pinansiyal bago gumawa ng decision kung saan ilalagay ang inyong pera. Pag pumipili ng institusyong pinansiyal, siguraduhing pag-isipan ang bangko at ang mga credit union.

- Mayroon bang malapit na mga lokasyon sa inyong pamayanan?
- Anu-ano ang mga serbisyo ng bangko ang inaalok ng libre? Tanungin kung mayroong mga bayarin sa pag-pahintulot, paglalabas ng pera, at paglipat ng pera sa iba’t-ibang account.
- Ano ang pinakamaliit na depositong kailangan at ano ang mga buwanang sinisingil?
- Ano ang mga singil sa Automated Teller Machine

(ATM) at ano pa ang mga karagdagang singil kapag kumuha kayo ng pera sa ATM ng ibang bangko?

- Maaari bang ipagdugtong ang checking at savings account ninyo?
- Ano ang kailangang gawin upang maiwasan ang singil ng overdraft at pagtalog ng tseke at magkano ang mga singil na iyon?
- Magkano ang pag-imprenta ng tseke?

Ang Kahalagahan ng Credit

Ang mahusay na pag-aalaga ng pera ay sinasakop ang paniniguro na ang mga pinamimili at pinamumuhunan ay angkop sa inyong budget. Subalit minsá'y kailangan ninyo bumili ng malaking bagay na kakailanganin ninyong mangutang. Credit ang salitang ginagamit upang ipahiwatig ang pagpayag ng mga nagpapa-utang na bayaran ninyo ang pagkaka-utang sa loob ng itinukoy na panahon.

Ang inyong **tala sa credit** ay ginagamit ng mga nagpapa-utang upang malaman kung kayo'y papasa sa isang credit card, utang, o serbisyong pinansiyal, at naka-aapekto sa antas ng interes na inyong babayaran sa kasalukuyang pagkaka-utang o mga utang sa hinaharap. Ang tala sa credit ay binabase sa halaga ng credit na mayroon na kayo, ang relasyon ng inyong kita sa inyong mga pinagkaka-utangan o debt-to-income ratio, at ng inyong kasaysayan ng pagbabayad sa tamang oras. Kung mas mataas ang inyong tala sa credit, mas mababa ang antas ng interes na ipapataw sa inyo. Maaari ninyong pagandahin ang inyong tala sa credit sa pamamagitan ng pagbayad ninyo ng inyong mga pagkaka-utang ng nasa oras at pagbabayad ng mga kabuuang halaga.

Maaari ninyong tingnan ang inyong tala sa credit bago kayo mag-apply ng credit upang bumili ng malaking bagay (tulad ng sasakyan o bahay). Sa maliit na halaga, maaari ninyong makuha ang impormasyon ng inyong tala sa credit sa www.myfico.com. Umiwas sa mga "libreng" alok ng

tala sa credit, credit monitoring, o ibang serbisyo—karamihan nito'y automatikong ililista kayo na may buwanan o minsan sa tatlong buwan na kabayaran at nagbibigay ng serbisyong maaaring hindi ninyo kailangan.

Ang inyong **tala sa credit** ay nagpapakita ng inyong gawain na naka-aapekto sa credit, tulad ng mga pagkaka-utang, hindi bayad na balanse, kasaysayan ng pagbabayad, at anu mang aksyon ng koleksiyon laban sa inyo na resulta ng hindi nabayarang mga pagkaka-utang. Siguraduhing siyasatin ang inyong tala sa credit ng madalas upang ma-siguro na lahat ay nasa ayos at hindi kayo nabi-biktima ng identity theft o pagnanakaw ng katauhan. Para sa karagdagang impormasyon sa pagprotekta ng inyong personal na impormasyon, at kung paano kumuha ng kopya ng inyong tala sa credit, tingnan ang pahina 12.

Tingnan Mabuti ang Buwanang Ulat

Tandaan ang inyong mga checking, savings, pamumuhunan, insurance, singil ng telepono, kuryente at tubig at ibang gamit, at mga account ng credit card. Siguraduhing mayroon kayong sapat na pondo bago kayo sumulat ng tseke o gumamit ng debit card—maaaring malaki ang mga singil ng overdraft. Siyasatin ang inyong mga bayarin minsan kada tatlong buwan upang ma-siguro na wasto ang mga singil at babayaran at ipinapakita ang mga serbisyo na inyong kailangan at gusto. Siguraduhing humingi sa mga kumpanya ng mga diskuwento, tulad ng diskuwento ng good driver, pang matatanda o pang beterano, at iba pang espesyal na alok.

Bago kayo Gumawa ng Anumang Desisyong Pinansiyal

- Tukuyin ang inyong mga pinansiyal na nais makamit at tingnan ang lahat ng pagpipilian bago gumawa ng mahalagang pinansiyal na desisyon. Pag-isipan kung hanggang saan ninyo kayang tiisin ang pinansiyal na panganib, at

kilalanin na maaari itong magbago pag may nagbago sa inyong pamumuhay.

- Siguraduhing kaya ninyong bayaran ang malalaking bilihin, produkto ng insurance, o pamumuhunan na naaangkop sa inyo at sa inyong pamilya. Huwag kalimutan na kailangan ninyong tingnan ang epekto nito sa pagdaloy ng pera, ang mga pangangailangan sa pagpapanatili nito, mga buwis, at iba pang kailangang bayaran. Sa mga pamumuhunan, ang kadalasang sinusundan ay: mamuhunan lamang ng halagang kaya ninyong mawala sa inyo.
- Kung wala kayong panahon na siyasatin ng maigi ang mga alternatibo, pag-isipan ninyo mabuti kung itong desisyong pinansiyal na ito’y talagang nararapat sa inyo. Ito’y makatutulong din sa pagprotekta sa inyo laban sa mga manggagantso.
- Siguraduhing magtanong tungkol sa paunang bayad at maagang pag-alis ng parusa o mga bayarin. Siguraduhin din na maaari ninyong makuha ang mga bagay na ito kung kayo’y mangailangan ng pera sa hinaharap.
- Patunayan na ang mga tao na kumikita sa inyong pagbili ay may nararapat na kredensiyal bago ninyo ibigay ang inyong pinansiyal na impormasyon, Social Security number, o iba pang personal na impormasyon. Laging tanungin ang mga taong nag-aalok na punan ang pormularyong **“Check Before You Invest”** (tingnan ang pahina 39) upang mapatunayan ang kanilang lisensiya sa California, kasaysayan ng pagta-trabaho, kumpanya, at produkto. Agarang isumbong ang inyong pagkabahala o reklamo sa naaangkop na ahensya.
- Pagpilitan na sabihin ng taong nag-aalok, **sa paraang nakasulat**, ang lahat ng bayarin, singil ng serbisyo, parusa, ibang singil, at komisyon (ito’y nakakatulong sa inyong pagkukumpara ng

produkto at serbisyo ng iba). Tanungin sa taong nag-aalok tungkol sa kanilang maaaring maging kasalungat na interes; halibawa, ang taong nag-aalok ay makatatanggap ng bonus kung kayo’y bumili ng produktong kanilang inirekomenda. Kung hindi nila sasabihin sa inyo, o kayo’y hindi komportable sa kanilang mga kasagutan, humanap kayo ng ibang taong nag-aalok na kayo’y makikipagkalakalan.

Bago kayo lumagda sa *Anumang* Dokumento

Kunin lahat ng detalye na nakasulat at basahin ng mabuti ang maliliit na titik kahit na gaano katagal ang guguguling oras nito. Magtanong, lumagda lamang sa papeles kapag inyo na’ng naintindihan ang mg detalye at **HUWAG NA HUWAG** lumagda sa blankong pormularyo

Para sa glossary ng mga tuntuning pinansiyal at mga parirala:

www.corp.ca.gov/Education_Outreach/literacy/glossary.asp



Pagtatangol sa Sarili ng Mamumuhunan

Ang Mahalagang Hakbang sa

Matalinong Pamumuhunan ay Mag-imbestiga

Bago Kayo Mamumuhunan

Ang pamumuhunan ay mahalagang bahagi ng inyong pinansiyal na seguridad. Ang pag-unawa sa mga panganib at pakinabang ng pamumuhunan ay maaaring mukhang mahirap o komplikado dahil mayroong maraming opsyon at terminolohiya. Huwag kailanman mamumuhunan sa isang bagay na hindi ninyo nauunawaan. Alalahanin na kahit na ang pinaka-tanyag na mga kompanya at mga tagapayo ay gumagawa ng tubo sa inyong puhunan, sa kabila nang kung ang puhunan man ay tama para sa inyo.

Bago Kayo Mamuhunan

- Gaano ang panganib na nakahanda ninyong ipaubaya? Tandaan—mamumuhunan lamang kayo ng halagang kaya ninyong mawala!
- Ang pamumuhunan ba ay tumutugon sa inyong mga kailangan? Tanungin ang inyong sarili ng mga ganitong tanong: Ano ang aking hinaharap na pangangailangan ng pera? Ang pamumuhunan bang ito ay nagpapahintulot sa akin na makakuha ng pondo upang matugunan itong mga hinaharap na pangangailangan ng pera nang walang makabuluhang parusa? Ano ang mga epekto sa buwis? Ano ang iba pang opsyong mayroon sa pamumuhunan? Nais ko bang magbayad para sa mga serbisyo ng pamumuhunan sa pamamagitan ng isang pirmihang bayad, komisyon, pagsingil ng bayad sa bawat transaksyon, porsiyento ng pag-aari sa aking account, o kombinasyon?
- Huwag kailanman makipag-usap sa isang taong nagbebenta nang nag-iisa sa inyong bahay. Huwag ihayag ang inyong pinansiyal na impormasyon, Social Security number, o iba pang personal na impormasyon hanggang kayo ay nagtitiwala sa legalidad ng tao at seguridad ng inyong impormasyon.
- Magtanong at tiyaking nauunawaan ninyo ang lahat ng mga takda at kondisyon bago pumirma.
- Huwag madaliin ang pagsagot o pagpirma ng kahit anumang. Humingi at repasuhin ang mga nakasulat na impormasyon—kabilang dito ang mga panganib, obligasyon, at lahat ng halagang kaugnay sa pamumuhunan, gayon din ang ganap na pagbubunyag tungkol sa mga komisyon, singil sa pagbebenta, singil sa proseso ng pagpapanatili o serbisyo, bayad sa transaksyon o pagtubos, at mga multa.
- Tanungin ang inyong abogado, accountant, stockbroker, pinansiyal na tagapayo, o iba pang lisensiyadong propesyonal tungkol sa pamumuhunan, at kausapin ang mga kaibigan at pamilya tungkol sa mga opsyon.
- Mag-ingat sa sinumang taong nagbebenta na nangangako na “kami na ang bahala sa lahat para sa inyo.” Kung ang taong nagbebenta ay ayaw magbigay ng impormasyon, malamang na sila ay may itinatago.
- Tanungin kung ang taong nagbebenta ay tumatanggap ng kabayaran na nanggaling sa iba kung kayo ay bibili ng isang partikular na stock, mutual fund, bond, annuity, o iba pang pamumuhunan na kanilang iminumungkahi. Sila ba ay nagbubunyag ng maaaring maging kasalungat na interes at iba pang pinanggalingan ng komisyon? Ilalagay ba nila sa isang kasulatan

kung sila ay may anumang kasalungat na interes? Ang inyo bang pamumuhunan ay nasa advisory account o brokerage account? Ang iba't ibang antas ng proteksiyon sa mamimili at pagbubunyag ay maaaring umiral, depende sa uri ng account sa pamumuhunan.

Huwag maging isang “Magalang na Biktima”

Ang pandaraya ay maaaring mahinto—huwag hayaan ang iba na malamangan kayo dahil lamang sa kayo ay may mabuting asal! Hindi walang-galang ang simpleng pagsasabi na kayo ay hindi interesado o kaya’y inyong panuntunan na kailanma’y hindi kayo nakikipag-usap sa telepono tungkol sa pagpapasiya sa isang negosyo. Kapag kayo ay may alinlangan tungkol sa isang pagbebenta sa telepono o personal na pagbisita, magsabi lang kayo ng HINDI!

Mag-ingat sa Anuman na Nangangailangan ng “Agarang” Aksiyon

Tanggihan ang anumang oportunidad sa pamumuhunan na may mataas na pamimilit sa pagbebenta na mga taktika o babala tulad ng “dapat na kayong umaksiyon ngayon” o “masyadong huli na bukas.” Higit na makakabuti na patunayan muna ang kompanya at mga indibiduwal (at posibleng lumampas ang oportunidad sa pamumuhunan) kaysa sa gumawa ng isang walang-kabatirang desisyon at mawala ang inyong pera. Kung ang taong nag-aalok sa inyo ng pamumuhunan ay ayaw magbigay ng panahon para mag-imbetiga, maaaring ito ay hindi kapani-paniwala.

Suriin ang mga Katibayan

Tiyaking ang mga tao at kompanya na kumikita ng pera mula sa inyong mga pamumuhunan ay may angkop na mga katibayan. BAGO pumasok sa isang pinansiyal na relasyon, hilingin sa mga tagapayo at taong nagbebenta na sagutin ang “**Check Before You Invest**” na pormularyo (tingnan sa pahina 39). Pagkatapos ay tawagan ang Kagawaran ng Korporasyon upang mapatunayan ang kanilang mga lisensiya, kasaysayan ng trabaho, karanasan, kompanya, at ang mismong pamumuhunan. Maaari naming kayong tulungan na makilala ang mga posibleng babala (red-flags) bago kayo magpatuloy. Ang mga kawani ay maaari kayong isangguni sa ibang mga ahensiya na nagbibigay ng lisensiya kung naaangkop.

Iulat ang Pandaraya at Pag-aabuso

Huwag hayaan na ang kahihyanan o takot ay maging sagabal para sa inyo upang mag-ulat ng pandaraya o pag-aabuso. Kung mayroon kayong anumang alinlangan tungkol sa isang pamumuhunan, o sa palagay ninyo na kayo ay naging biktima ng pandaraya, MANGYARI LAMANG na kaagad mag-ulat nitong alalahanin. Protektahan ang inyong sarili at tumulong na protektahan ang iba mula sa pandaraya!

Paano Maghain ng Reklamo sa Kagawaran ng Korporasyon ng California

Ang mga reklamo ang pundasyon ng gawaing pagpapatupad ng Kagawaran. Tulungan kaming protektahan ang mga taga-California mula sa hindi lisensiyado o huwad na mga transaksyon sa mamimili.

- Upang ipadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo ang isang pormularyo para sa reklamo (complaint form), tawagan ang aming **Consumer Resource Center** toll-free sa 1-866-ASK-CORP (1-866-275-2677). O pumunta sa aming website para mag-download at mag-print ng kopya ng complaint form. Ang website ay: www.corp.ca.gov
- Gumawa ng buod ng inyong reklamo. Tiyaking ang inyong reklamo ay magsasabi sa amin kung ANO ang nangyari, SINO ang kasangkot, at SAAN at KAILAN naganap ang pangyayari. Mangyari lamang na magbigay ng anumang iba pang mahahalagang impormasyon na maaaring makatulong sa amin na maunawaan at malutas ang inyong reklamo.
- Bigyan kami ng mga kopya ng lahat ng mga dokumento na sumusuporta sa inyong reklamo. (Mangyari lamang na huwag ninyong ipadala ang mga orihinal; maaaring hindi na naming maibalik ang mga ito.)
- I-tayp o malinaw na isulat sa tinta.
- Ipadala sa pamamagitan ng koreo ang kumpletong pormularyo ng reklamo at ang inyong sumusuportang mga dokumento sa:

Kagawaran ng Korporasyon ng California

Consumer Resource Center
1515 K Street, Suite 200
Sacramento, CA 95814

Mga Reverse Mortgage



Ang mga Reverse mortgage ay nagbibigay daan sa mga matatandang may ari ng bahay (mga may edad na 62 pataas) upang magalaw ang kanilang kinita sa bahay o home equity sa pamamagitan ng paghiram laban dito. Kasalungat sa conventional mortgage, ang kinita o equity ay lumiliit at ang inutang ay patuloy na lumalaki ang halaga, dahil walang mga kabayaran ang binibigay. Ang mga nanghihiram ay responsable sa pagbayad ng buwis ng pag-aari, insurance ng pag-aari ng bahay, at pagpapanatili at pagkukumpuni, sa buong buhay ng reverse mortgage. Walang kabayaran ang kailangan sa reverse mortgage habang nakatira ang (mga) matanda sa bahay.

Pag-aralan ang lahat ng inyong maaaring pagpilian bago kayo magpasyang kumuha ng reverse mortgage. Ang pagbebenta o pagpapa-upa ng inyong bahay at paninirahan sa ibang lugar na may mas mababang gastusin at/o higit na maraming serbisyo (tulad ng apartment para sa matatanda o assisted living complex), ay maaaring maging mas matipid para sa inyo kumpara sa reverse mortgage, at maaaring mas angkop sa inyong nagbabagong pangangailangan at pananalapi sa paglipas ng panahon. Siguraduhin din na kontakin ang inyong tagapagbigay ng benepisyo sa mga programang katulad ng Supplemental Social Security (SSI) at ng Medicaid upang malaman kung ang reverse mortgage ay maka-aapekto sa inyong benepisyo.

Kung kayo'y nababahala sa mga gastusin tulad ng pagpapanatili at pagbababuti ng inyong bahay, mga buwis ng pag-aari, insurance, gastusing pangkalusugan, mga gamit tulad ng kuryente at tubig, o pagkain, kumontak sa inyong lokal na **Area Agency on Aging** (toll-free number 1-800-677-1116 o magtungo sa www.c4a.info/) para sa impormasyon tungkol sa pinansiyal na tulong para sa matatanda at mga programa na may alok na rebate.

Ang mga reverse mortgage ay napaka-kumplikado. Sa pangkalahatan, ang mga reverse mortgage ay sumisingil ng mataas na antas ng interes, matataas na harapang bayarin, at buwanang singil ng serbisyo, at nangangailangan ng pagkuha ng mortgage insurance. Ang reverse mortgage

na alternatibo ay mahirap ikumpara sa isa't-isa at sa ibang mga maaaring pagpiliang alternatibong pinansiyal. Ang halagang hiniram at binayaran ay maaaring magbago ng malaki depende sa tinantsang haba ng buhay at sa pamamaraan ng paglabas ng pera (kabuuang paglabas o lump sum, credit line, buwanang kabayaran, o kombinasyon ng mga ito). Pag ibinenta ninyo o ng inyong mga tagapagmana ang inyong bahay, maaari ninyong maitabi ang anumang kinita (na higit sa kabuuang halaga ng pagkakautang at lahat ng pinataw na bayarin at interes). Subalit, mag-ingat: sa kondisyon ng ekonomiya, ang bumababang halaga ng ari-arian ay maaaring ubusin ang halaga ng inyong bahay, at pinaliliit o inuubos ang anumang pag-asang kumita.

Dapat bayaran ang reverse mortgage kapag ang matanda ay tuluyang lumipat, pa-upahan, o ibenta ang bahay, o pag ang huling nabubuhay na residenteng may pagaka-utang ay namatay na. **Subalit** ang reverse mortgage ay maaaring bayaran agad kung hindi ninyo mapanatili ang bahay, mabayaran ang mga buwis ng pag-aari, panatiliing may insurance ang pag-aari, o paupahan ang parte o kabuuan ng bahay ninyo, sa ilalim ng iba't-ibang situwasyon. Tandaan din na ang reverse mortgage ay kailangang bayaran ng buo bago ito'y maipamamana sa inyong mga anak o ng ibang tagapagmana.

Kung ang reverse mortgage ay nararapat sa inyo, siguraduhing kunin ang lahat ng detalye sa isang kasulatan, iberipika ang lahat ng tuntunin

at kondisyon, ang kabuuan na bayarin, antas ng interes, harapan at buwanang mga singil, komisyon, at iba pang gastusin. Siguraduhing basahin ang maliliit na titik at lumagda lamang kung sigurado kayong naintindihan ninyo ang lahat ng detalye. **HUWAG** lumagda ng pormularyong hindi pinunan o may mga puwang.

Maaaring gumamit ng mga matinding taktiko ng pagpipilit ang mga taong nag-aalok ng reverse mortgage, tulad din ng ibang nagbebenatang ahente at bigyang-diin ang mga positibong katangian na hindi ipinapakita ang mga bayarin, singil, komisyon, at iba pang detalye. Mag-ingat sa taong nag-aalok na nagre-rekomenda ng reverse mortgage bilang “one-size-fits-all” o babagay sa lahat na solusyon, bilang paraan na mamuhunan sa ibang pamumuhunan, o ginagawang mahirap para sa inyo nai-kumpara ang iba’t-ibang maaaring pagpilian. Siguraduhing tanungin kung paano babayaran ang taong nag-aalok— halimbawa, siya ay tatanggap ng bonus o komisyon sa pagbenta sa inyo ng reverse mortgage.

Ang mga mapanlinlang na taong nag-aalok ay maaaring subukang kumbinsihin ang mga matatanda na ang mga reverse mortgage ay isang mabuting paraan upang makakuha ng pondo para sa mga pamumuhunan, tulad ng annuity. Sa ibang pagkakataon, nakumbinse ang mga matatanda na mamuhunan sa hindi angkop o mapaglinlang na pamumuhunan at sa huli ay nawala ang kanilang bahay pati na rin ang kanilang ipinuhunan.

Hinihingi ng **Batas Pederal** ang sapilitang pagpapayong sesyon sa isang reverse mortgage na tagapag-payo na aprubado ng HUD bago ma-apruba ang isang reverse mortgage na inisponsor ng HUD. Ang pagpapayo ay hindi ginawa upang protektahan ang mga matatanda sa paggawa ng mga maling desisyong pinansiyal. Ang mga tagapag-payo ay hindi nag-aral na tumukoy sa kaalaman ng matanda— ang pagpapayo ay ginawa lamang upang malaman kung naintindhan ng matanda ang mga tuntunin ng kontrata. At, kung hindi inapruba ng tagapag-payo ang reverse mortgage, maaaring maghanap ng ibang tagapag-payo ang isang mapanlinlang na nagpapa-utang upang ma-apruba ang reverse mortgage.

Ang **Batas ng California** ay nagbabawal sa mga nagpapautang na gawing kondisyon ng pagkuha ng reverse mortgage ang pagbili ng annuity. **Hinihingi din ng Batas ng California na ang kasunduan ng pagkaka-utang ay isalin sa pangunahing wika ng aplikante.** Siguraduhin na ang mga tao na kumikita sa inyong reverse mortgage ay may nararapat na kredensiyal. Tumawag sa **Kagawaran ng Korporasyon o Real Estate** (magtungo sa pahina 33) upang maiberipika ang mga lisensya sa California, kasaysayan ng dating trabaho, kumpanya, at produkto at agarang magsumite ng pangangamba o reklamo.

Hinihingi ng **CA Reverse Mortgage Elder Protection Act of 2009** na ibigay ng nagpapa-utang ang isang checklist na naglalahad ng lahat ng mga isyu na kailangang talakayin ng reverse mortgage na tagapag-payo sa isang maaaring umutang. Ang mga isyu’y maaaring sakupin ang kalawakan ng pagpipiliang higit na babagay sa humihiram maliban sa reverse mortgage, ang mga buwis at ang pagiging karapatdapat sa mga programa ng pagtutulong ng gobyerno at iba pang naaangkop na paksa.

Mga Biniling Annuity

Ang annuity ay isang komplikadong produktong pinansyal na may iba't ibang bayarin at mga tampok. Siguraduhing naiintindihan ninyo kung paano gumana ang annuity, at kung ano ang mga bayarin at multang inyong babayaran, at lahat ng mga kondisyong kasunduan. Mamuhunan lang sa kung ano ang kaya ninyong maitatabi at siguraduhing angkop ito sa inyong pamumuhunang pangangailangan at matitiis na panganib. Maghambing bago bumili. Pag-usapan ang bibilhin kasama ng taong inyong pinakakatiwalaan, at hindi kasali ang nagbebenta sa inyo ng annuity.

- **Ang mga Annuity na “garantisado” ay mga panlilinlang!** Hindi katulad ng mga certificates of deposit (mga CD) o savings accounts, HINDI garantisado ang mga annuity ng anumang ahensya ng gobyerno. Ang mga annuity ay kasing ligtas lamang ng ahensya ng insurance na nagbebenta sa mga ito. Siyasatin ang lakas-pinansyal ng kompanya sa www.insurance.ca.gov BAGO kayo bumili ng anumang annuity.
- **Ang mga “Surrender charges” ay mga bayarin ng pagkuha ng pera bago umabot ang maturity.** Ano ang surrender charges at gaano katagal ang surrender period? Lima, sampu, kahit dalawampung taon ay hindi nakagugulat. Kaya ba ninyong hindi galawin ang inyong pera nang ganon katagal?
- **Mag-ingat sa mga matataas na “pangunahing” o “mapanuksong” pagbabalik ng puhunan (kadalasa’y nagtatagal ng humigit kumulang sa isang taon)** ang mga antas na ito’y maaaring magbago ng malaki na hindi inaasahan.
- **Ang “Antas ng Panganib” ay magbabago depende sa uri ng annuity.** Ang annuity ba ay fixed, variable o indexed? Intindihin ang mga panganib ng annuity na inyong binibili. Halimbawa, ang ibang annuity ay nakatali sa stock market at nakaugnay sa mataas na antas ng panganib.
- **Ang mga komisyon ng mga annuity ay maaaring masyadong mataas na ang ahente ay gugustuhing bentahan kayo ng tinutukoy na produkto kahit na hindi ito ang rekomendadong pamumuhunan para sa inyo.** Alamin ang halaga ng komisyon ng ahente. **Mag-ingat** sa mga ahenteng ayaw sagutin ang katanungang ito.
- **Ang pagsasa-pera ng isang annuity para bumili ng iba ay maaaring hindi para sa inyong ikabubuti.** Maaaring mawalan kayo ng ibang mga benepisyo sa mas lumang annuity na wala sa bago. Siguraduhing mas higit ang benepisyo kaysa sa lahat ng mga bayarin at ang taong nagbebenta ay hindi ang pangunahing makakukuha ng higit na benepisyo.
- **Alamin na mayroong mga annuity, hindi lahat, na may mga benepisyo sa pagkamatay.** Ikumpara ang mga benepisyo ng pagkamatay at siguraduhing alam ninyo kung ano ang mangyayari sa kinita matapos ninyo pumanaw.
- **Mag-ingat sa pakikipag-kita sa taong nagbebenta na walang kasama sa inyong tahanan at huwag magmadali sa pagpuno at paglagda sa mga dokumento.** HUWAG kayong bumili ng annuity upang pumasa sa Medi-Cal.
- **Ang Batas ng California ay nagbibigay sa inyo ng 30 araw na “libreng tingin” upang inyong siyasatin ang annuity o life insurance kasama ng pinagkakatiwalaang kaibigan, mga kamag-anak, o propesyonal.** Isauli ang kasunduan kung desidido kayong hindi ito bagay sa inyo.
- **Ibang mga katanungan bago kayo bumili ng annuity:** Ito ba’y angkop sa aking pangangailangan? Anong mga liquid assets (cash) ang aking kakailanganin sa hinaharap? Ano ang mga implikasyon sa buwis?

Upang Siyasatin ang isang Ahente o Kompanya ng Insurance, Tumawag sa:
California Department of Insurance
Consumer Hotline o Hotline ng Mamimili ng Kagawarang ng Insurance ng California:
1-800-927-HELP (1-800-927-4357)

Pinansyal na Paghihirap

Ang ibang mga matatanda ay nahihirapan sa pagtawid ng mga bayarin. Napag-alaman ng Kagawaran ng Korporasyon ng California na ang ibang mga matatanda ay gumagamit ng mga cash advance na kompanya para sa mga maliliit na maikling termino na pagkaka-utang at ang malaking bilang ng mga matatanda na iyon ay naglalabas ng maraming pagkaka-utang. Kung kayo, o sinumang kakilala ninyo ay nahihirapang manatiling walang utang, tawagan ang inyong lokal na **Ahensya sa Pagtanda o Area Agency on Aging** (tingnan ang pahina 36) para sa programang pagtulong sa mga mababang kinikita.

Mga Patunay ng mga Problemang Pinansiyal

Kung isa o higit sa mga sumusunod na patunay ay maaaring angkop sa inyo o sa inyong mga miyembro ng pamilya, maaaring nangangailangan kayo ng tulong sa inyong pananalapi.

- Kayo’y nakakabayad lamang ng pinakamaliit na bayad sa inyong credit card sa dalawang buwang magkasunod;
- Kayo’y nahuhuli sa inyong mga bayarin, may nalalaktawang mga bayarin, o kailangang magpalipat-lipat ng bayarin dahil ang inyong inuuwing kita ay hindi sapat;
- Ang kabuuan ng lahat ng inyong pagkaka-utang sa credit card ay higit sa inyong buwanang kinikita;
- Wala kayong ipon.

Kung kayo’y may mga problema sa Credit

Makipag-ugnayan sa inyong pinagkaka-utangan **bago** mahuli ang bayad ninyo. Humiling na ipagpatawad ang mga singil sa pagbayad ng huli sa oras, babaan ang antas ng interes, at/o magtatag ng bagong petsa ng bayarin na makakatulong sa inyo. Kung kayo’y nakalaktaw sa inyong mga bayarin o may ibang mga problema sa credit, maaari kayong makakuha ng benepisyo sa paggamit ng serbisyo ng isang tagapag-payong pinansiyal.

Pamamahala ng Utang/Mga Kumpanya ng Kasunduan sa Utang at mga Prorater

Hindi kailangang gumamit ng mga ahensiya o magbayad ng ibang tao o negosyo upang makakuha ng tulong sa inyong pagkaka-utang. Maaari kayong direstsahang makipag-areglo sa inyong pinagkaka-utangan. Mag-ingat — hindi dahil ang isang ahensiya sa pamamahala ng utang ay nagsasabing sila’y “non-profit” ay hindi ito garantisado na ang serbisyo nila’y lehitimo o abot-kaya.

Para sa tulong sa inyong mga problema sa credit o sa mga pinakaka-utangan, magtungo sa **National Foundation for Credit Counseling** www.nfcc.org o tumawag sa toll-free number **1-800-388-2227**

Loan Modification at Kompanya ng mga Foreclosure at mga Kasangguni

Ang mga kompanyang ito at mga kasangguni ay kadalasa’y nag-aalok na makipag-areglo tungkol sa umiiral na mortgage, o maka-iwas sa foreclosure na ang kapalit ay malaking harapang singil. Sa kasamaang-palad, ang mga namimighating may-ari ng bahay ay nagbabayad para sa serbisyong maaari nilang makuha ng libre, o walang natatanggap na tulong matapos bayaran ang siningil.

May tulong na makakamit—Upang makahanap ng ligal na tulong, tumawag sa **Senior Legal Hotline 1-800-222-1753**

“Anticipatory” Loans

Ang mga “Anticipatory” loan ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na makahiram sa inyong kikitain sa hinaharap (tulad ng dadating na refund ng buwis o susunod na suweldong padating), o sa halaga ng inyong pag-aari (tulad ng sasakyan), sa maikling panahon—na may mataas na interes at mamahaling singil. Ang mga pagkaka-utang na ito’y hindi nangangailangan ng credit check o ng mahabang proseso ng pag-apruba, at waring madaling paraan na mabilisang makakuha ng pera.

Ngunit tandaan: humiram lamang ng halagang inyong kayang bayaran ng kabuuan pag inyong nakuha ang inyong susunod na suweldo. Ang mga pagkaka-utang na ito’y maaaring maging daan sa paulit-ulit na pagkaka-utang na magiging mahal at mahirap maka-alis.

Depende sa tiyak na kondisyon ng pagkaka-utang, mga struktura ng bayarin, at haba ng panahon ng paghiram, ang mga mamimili ay maaaring magbayad ng 50% hanggang sa halos 1,300% APR para sa ganitong mga uri ng pagkakautang. Ang APR ang kabuuang antas ng interes na binabayaran ng humiram sa loob ng isang taon, kasali na ang mga singil at ibang bayarin, at ginagamit upang maipakita ang kabuuang halaga ng paghiram ng pera. Kung ikukumpara, ang mga credit card ay kadalasa’y mayroong APR na mula 5-36%, depende sa inyong tala sa credit, at ang pagkakautang sa isang bagong sasakyan ay maaaring may APR ng 4-7%.

- **Utang sa Titulo ng Sasakyan o Car Title Loans** ay ginagamit ang sasakyan ng umuutang (at ang susi) bilang panggarantiya; ang titulo at susi ng sasakyan ay isasauli lamang matapos mabayaran ang lahat ng utang, interes at singil ay nabayaran na ng kabuuan. Mag-ingat—ang pagsala sa pagbabayad ng utang ay reresulta sa pag repossess o paghila ng sasakyan. Karagdagan nito, kung may utang pa kayo sa orihinal na pagkakautang sa sasakyan, kailangan pa rin ninyo bayaran ang pagkakautang na iyon sa kabila ng lahat.

- **Ang Overdraft Protection** ay nagbibigay ng “dagliang” pagkakautang (na may mga bayarin o singil), mula sa bangko o sa inyong personal na savings account, upang pondohan ang mga tseke, pagkuha ng pera sa ATM, pamimili na gamit ang debit card, at mga electronic transfers kapag walang angkop na pondo ang account. Mag-ingat—ang mga bayaring ito ay waring matataas ng antas ng interes, at maaaring mas higit pa ang halaga kaysa sa mga parusa ng pagbabayad ng huli sa oras o ng interes sa hindi bayad na balanse sa inyong credit card.
- **Mga Utang sa Refund ng Buwis** ay nagbibigay ng higit na mabilis na pera kaysa sa mga ahensya ng buwis, ngunit makakabawas sa inyong matatanggap sa halaga ng pagkakautang at ng mga bayarin/mataas na interes. Mag-ingat—kung ang inyong refund ay lumalabas na mas maliit kaysa inyong inaasahan, o kung kayo’y may utang na buwis, ang utang sa refund ng buwis at ng karagdagang singil ay kailangang bayaran. Ipahulog na lang ang inyong refund ng buwis ng direct deposit sa inyong checking o savings account. Sa direct deposit, mas mabilis ang pagdeposito sa inyong account kaysa kung hihintayin ninyong magpadala sila ng tseke, at walang karagdagang babayaran o interes.



Payday Loans at On-Line Cash Advances

Sa California, ang mga Payday loans (o tinatawag na “cash advance” o “deferred deposit” loans) at mga On-line Cash Advances ay sinisiyasat ng Kagawaran ng Korporasyon. Kadalasan, ang umuutang ay magpupuno ng aplikasyon, magbibigay ng dokumentasyon at gagawa ng tseke; ang pinagkakautangan ay hindi ika-cash ang tseke hanggang sa araw ng sahod ng humiram ng pera, hanggang sa 31 araw matapos ito.

Ang mga nagpapautang ng Payday loan at mga kumpanya ng on-line cash ay kinakailangang ilagay sa **kung saan makikita** ang kanilang linsensya ng California at ng tala ng mga singil sa lahat ng kanilang mga tindahan at/o website, at kailangang ibigay ang kanilang telepono kung saan sila mako-kontakt. Ang batas ng California ay inilimita ang mga pagkaka-utang na ito ng hindi lalabis sa \$300, at ang nagpautang ay hindi makakapagpa-utang muli sa inyo upang bayaran ang umiiral na payday loan. Kung kayo’y humiling ng pagpapatuloy o ng plano ng pagbayad, hindi sila maaaring magpataw ng karagdang singil (ngunit, hindi sila obligado ng batas na ibigay ang inyong kahilingan). Kung tumalbog ang inyong tseke, kayo’y maaari lamang singilin ng isang bayarin para sa tumalbog na tseke. Ang nagpapautang ng payday loan ay hindi kayo maaaring takuting ihahabla sa korte dahil sa walang angkop na pondo ang inyong account.

Kung Kayo’y Humaharap sa Bankruptcy:

Ang mga bagong batas pederal ay humihingi ng credit counseling bago kayo makapagpahayag ng bankruptcy. Pumuta sa <http://www.ftc.gov/bcp/menus/consumer/credit/debt.shtm> upang kumuha ng kopya ng lathalaing “Before You File for Personal Bankruptcy: Information about Credit Counseling and Debtor Education.”

Ang Programa ng Tagapangasiwa ng Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos o U.S. Department of Justice Trustee Program ay nag-aaproba ng mga organisasyon na nagbibigay ng kinakailangang counseling bago makapagpahayag ng bankruptcy at ng kinakailangang edukasyon sa mga may pagkaka-utang matapos ninyong magpahayag ng bankruptcy. Pumunta sa www.usdoj.gov/ust/eo/bapcpa/ccde/index.htm

Tulong sa Higit na Paggastos at Problema sa Panunugal

Kung ikaw o mga miyembro ng pamilya ninyo ay madalas gumagastos ng labis sa inyong makakaya, nagsusugal kahit na halos di mag-abot ang inyong gastusin, namomproblema kung kayo’y papasa sa paglabas ng utang, takot sa pagbukas ng buwanang bayarin o di makabayad ng pagkaka-utang sa takdang oras—maaaring kailangan ninyo ng tulong! Para sa abiso at suporta, magtungo sa:

Spenders Anonymous www.spenders.org

Debtors Anonymous
www.debtorsanonymous.org or

Gamblers Anonymous
www.gamblersanonymous.org

Ang California Council on Problem Gambling (CCPG), isang non-profit na organisasyon, ay tumutulong sa mga problemang pagsusugal at sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagtaguyod ng kaalaman, pag-iiwas, at paggamot. Magtungo sa: www.calproblemgambling.org o tumawag sa toll-free number 1-800-GAMBLER.

Pang-aabuso sa Matatanda at Pinansyal na Pang-aabuso sa Matatanda

Ang Pang-aabuso sa mga Matatanda ay ang pisikal, seksuwal, emosyonal, o pinansyal na pang-aabuso sa mga matatanda. Ang pang-aabuso sa matatanda ay naglalaman ng dalawang mahahalagang bahagi: isang matanda na nagdusa nang dahil sa pagkakasakit, kakulangan, o hindi inaasahang panganib; at ng indibiduwal (o mga indibiduwal) na may kasalanan o nabigo sa paghadlang sa panganib.

Ang pang-aabuso sa mga matatanda ay naka-aapekto sa lahat ng matatanda sa lahat ng kultural, sosyal, at kinikitang pangkat. Sa California, tinatayang isa sa limang kaso ng pang-aabuso sa mga matatanda ay naisusumbong sa mga awtoridad. Sa buong bansa, tinatantiyang isa sa 20 matatanda ang maaabuso sa kanilang buhay.

Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda

Ang Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda ay nangyayari kapag ang isang matanda ay **pinansyal** na pinagsasamantalahan. Ang Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda ay kadalasa'y nangyayari lingid sa kaalaman ng biktima. Ang nang-aabuso ay maaaring kamag-anak, tagapangalaga, kaibigan, tagapayong pinansyal, abogado, at ang pinakamalala, ang taong pinagkatiwalaang may power of attorney ng matandang iyon. Katulad ng ibang anyo ng pang-aabuso sa matatanda, ang Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda ay isang krimen na kadalasa'y hindi naisusumbong.

Kasama sa Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda ang:

- Maling paggamit ng pinansyal na Kapangyarihan ng Abogado
- Maling pagpapayo sa mga pamumuhunan at bilihin, malalaking pagsasalin ng yaman, malalaking pagkaka-utang o regalo sa iba
- Paggaya sa lagda ng nakatatanda o panlilinlang sa isang matanda na lumagda sa anumang ligal o pinansyal na dokumento, lalung-lalo na kung ang matanda ay mukhang hindi nakaiintindi
- Pagpapalit sa huling habilin ng isang matanda o ng ibang dokumento, lalung-lalo na kung ang bagong tatanggap ng benepisyo ay isang tagapangalaga o isang walang kaugnayang tao na ngayo'y umaangkin ng karapatan sa ari-arian ng matanda
- Pagsasalin ng pera sa ibang lugar na dapat sana'y ipangbabayad sa upa ng matatanda, sa kanyang mga kagamitan, o ng kanyang mga buwis
- Di awtorisadong paggamit ng credit card, ATM, o mga tseke
- Mga pangako ng "pag-aalaga sa habang buhay" kapalit ng pagpapalit ng pangalan sa titulo ng ari-arian ng matatanda sa pangalan ng tagapangalaga

Mga Senyales ng Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda:

- Nawawalang kayamanan o pag-aari
- Di maayos na itsura ng matanda
- Nakapanghinalang gawain/tauhan sa tahanan ng matanda
- Hindi tamang pag-aalaga sa kabila ng sapat na kayamanan, o ang pagrereklamo ng matanda na dati'y marami siyang kayamanan nguni't ngayo'y wala na
- Nakapanghinalang paggalaw ng pondo sa account sa bangko—pag-withdraw (lalung-lalo na kapag ang matanda ay naglalabas ng malalaking halaga habang may kasamang ibang tao) at ang hindi maipaliwanag na pagbabago sa mga account sa bangko mula sa isang sangay putungo sa iba



Adult Protective Services

Kung kayo'y nakaranas, nakakita, o may suspetsa sa mga gawaing ganito, kaagad tumawag sa **Adult Protective Services** sa county sa California na kung saan nakatira ang nakatatanda. Tingnan ang listahan sa white pages ng angkop na direktoryo ng telepono sa ilalim ng “**County Government.**”

Mga Direktibo ng Isinulong na Pangangalagang Pangkalusugan

Bigyan ng kapangyarihan ang taong gagawa ng mga desisyong medikal at pangangalagang pangkalusugan para sa inyo kung kayo'y maging inbalido. Kasama dito ang mga pagpipiliang pangangalagang medikal at paggamot, mga end-of-life na pagpipilian (halimbawa, “do not resuscitate” at organ donation), at pagpapasok sa mga pasilidad ng pangangalaga. Kailangang bigyan ng kapangyarihang nakasulat kung hindi ay wala silang lakas na mapangasiwaan ang inyong pangangalagang medikal. Siguraduhin din na magsumite ng kopya sa inyong manggagamot at sa inyong pangkalusugang kompanya ng insurance.

Maaari kayong kumuha ng libreng kopya ng pormularyo ng Direktibo ng Isinulong na Pangangalagang Pangkalusugan ng California o CA Advance Health Care Directive mula sa Opisina ng Attonery General ng California o **CA Office of the Attorney General**: <http://www.ag.ca.gov/consumers/pdf/AHCDS1.pdf>

Mga Huling Habilin at mga Tiwala o Trust

Ang layunin ng isang huling habilin ay para mai-atas ang inyong mga ari-arian ayon sa inyong kagustuhan matapos nang inyong pagyao. Sa ilalim ng batas ng California, kung kayo'y pumanaw na walang huling habilin, ang koda ng Probate ang siyang didikta kung papaano ipamamahagi ang inyong kayamanan sa mga inyong kamag-anak.

Ang layunin ng tiwala o trust ay magbigay ng pangangasiwa ng inyong mga kayamanan habang kayo'y nabubuhay, at pagpapamahagi ng inyong kayamanan matapos ang inyong pagpanaw. Ang tiwala o trust ay ginagawa upang makaligtas ang inyong estado sa probate, at maaaring makatipid sa kailangang bayarang bayaring ligal at buwis.

Mga Katiwala o Fiduciary

Kung ang mga usapin ng pera, pangangalagang pangkalusugan, at mga isyu ng end-of-life ay parang mapanghamon, maaari ninyong gustuhing mag-atas ng isang pinagkakatiwalaang miyembro ng inyong pamilya o isang kuwalipikadong propesyonal bilang katiwala, upang pangasiwaan ang inyong mga personal na suliranin. Ang taong ito'y kailangang mapakakatiwalaan dahil sila'y may ligal na kapangyarihan sa lahat ng mahahalagang desisyon ng buhay. Ang malungkot na katotohanan ay maraming mga tao ang nagsasamantala ng kanilang tungkulin bilang katiwala para sa kanilang personal na layunin—sa maraming kaso, nagnanakaw ng mga kayamanan para sa kanilang sarili.

Mayroong Kawani ng Propesyonal na Katiwala o **Professional Fiduciaries Bureau** ang California (tingnan ang pahina 34) na nagbibigay ng lisensya at nagsasaayos sa mga pribadong katiwala ng mga hindi kapamilya na kumikilos bilang tiwala para sa inyo. Kung kayo'y nag-iisip ng pribadong katiwala, kumontak sa Kawani upang siyasatin kung ang tao'y may angkop na lisensya. Ang mga miyembro ng pamilya, maraming abogado, at mga pinansyal na propesyonal ay hindi maaaring makasama sa pangangailangang panlisensyang ito.

Sementeryo at Libing

- Ipahayag ang inyong mga kagustuhan sa inyong libing o cremation at maging maalam na mamimili.
- HUWAG magbayad ng maaga—sa halip, isaayos ng maaga. Ang mga puneraria at sementeryo ay kadalasa’y nalulugi at nagsasara, at binibili ng ibang kompanya, o nagbabago ng mga serbisyong kanilang inaalok.
- Magsiyasat at tumingin-tingin—huwag pumatol sa taktikang pamimilit at sobrang mahal na binebenta. Sa ilalim ng batas, kailangang magbigay ng detalyadong listahan ng mga presyo ang mga puneraria sa telepono o nakasulat. Magtanong tungkol sa mga mabababang presyong mga bagay. Humingi ng detalyadong, nakasulat na plano at repasuhing mabuti ang mga kontrata at kasunduan sa pagbili bago lagdaan. Magtanong kung ang mga kasunduan ay maaaring ipalipat sa ibang puneraria.
- Ang batas ng California ay hindi nangangailangan ng pagembalsamo o ng ataol, nguni’t ang ibang sementeryo ay mahigpit na kinakailangan ang mga ito para sa libing.
- Ang ibang tao’y may kagustuhan ng mga “green burial” upang mabawasan ang epekto ng kemikal ng pag-eembalsamo, plastik, at iba pang hindi organic na materyales sa kapaligiran.

Tawagan lamang ang Komisyon ng Kalakal Pederal o **Federal Trade Commission** (tingnan ang pahina 34) para sa libreng gabay ng mamimili o magsumite ng reklamo. Pumunta sa www.ftc.gov/bcp/menus/consumer/shop/funeral.shtm upang makakuha ng kopya ng “Funerals: A Consumer Guide.”

Tawagan ang Kawani ng Sementeryo at Paglilibing sa California o **CA Cemetery and Funeral Bureau** (na nakalista sa ilalaim ng **CA Department of Consumer Affairs**, pahina 33) upang magsumite ng reklamo at para sa libreng lathalain: *Consumer Guide to Funeral and Cemetery Purchases*.

Alzheimer’s Associaton

Kung kayo o ang inyong mahal sa buhay ay nahaharap sa Alzheimer’s, dementia, o iba pang kapansanan sa pag-iisip, kontakin ang **Alzheimer’s Association** para sa mahalagang karagdang pantulong at impormasyon (tingnan sa pahina 38).

Mga Gabay na Pantulong

Ahensiya	Responsibilidad	Impormasyon ng Kontak
Clearinghouse ng Karapatan sa Pagkalahim (Privacy Rights Clearinghouse)	Impormasyon sa mga usapin ukol sa pagkalahim at pagnanakaw ng pagkakakilanlan.	(619) 298-3396 www.privacyrights.org
Hotline ng Pagpapayo sa Batas para sa Matatanda (Senior Legal Hotline)	Nagkakaloob sa mga matatanda (edad 60 pataas) nang mabilis, wastong payo sa anumang paksa ukol sa batas (sa pamamagitan ng telepono at internet) at gumagawa ng mga pagsangguni.	Legal Assistance Toll-Free 1-800-222-1753 Iba pa (hindi legal na aspeto) (916) 551-2145 www.seniorlegalhotline.org
Inspektor Heneral ng Lingkurang Pangkoreo ng Estados Unidos (U.S. Postal Service (USPS) Inspector General)	Nagsisiyasat ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan na kaugnay sa koreo. Tawagan kung ang inyong mailing address ay nabago dahil sa pandaraya, o ang sulat sa koreo ay ginamit sa isang pakana ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan	Toll-Free 1-800-654-8896 https://postalinspectors.uspis.gov Sweepstakes/Mail Fraud Hotline Toll-Free 1-800-372-8347
Kagawaran ng Institusyong Pinansyal ng California (CA Department of Financial Institutions)	Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: mga bangko at credit union	Toll-Free 1-800-622-0620 www.dfi.ca.gov
Kagawaran ng Katarungan ng California – Tanggapan ng Abogado Heneral (CA Department of Justice–Office of the Attorney General)	Sumusubaybay sa mga kawanggawa at nangangalap ng pondo, medikal na pandaraya, at pagnanakaw ng pagkakakilanlan.	www.caag.state.ca.us Mga Biktima ng Identity Theft Toll-Free 1-888-880-0240 Medi-Cal Fraud / Elder Abuse Hotline Toll-Free 1-800-722-0432 Registry of Charitable Trusts (916) 445-2021
Kagawaran ng Korporasyon ng California (CA Department of Corporations)	Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: Mga indibiduwal at mga kompanya na nagsasagawa ng iba't ibang pinansiyal na gawain, kabilang ang mga tagapayo, broker at prangkisa.	Toll-Free 1-866-ASK-CORP (1-866-275-2677) TTY 1-800-735-2922 www.corp.ca.gov
Kagawaran ng Lingkurang Pangkalusugan ng California (CA Department of Health Services)	Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: Iba't ibang serbisyo sa pampublikong kalusugan at medikal na pangangalaga, kabilang ang Medi-Cal, nursing homes, at pangmatagalang pangangalaga	Medi-Cal Fraud Toll-Free 1-800-822-6222 www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx Mga Reklamo sa Nursing Home Toll-Free 1-800-236-9747 Partnership para sa Pangmatagalang Pangangalaga Toll-Free 1-800-227-3445 www.dhs.ca.gov

Ahensiya

**Kagawaran ng
Lingkurang
Pangkalusugan at Pantao
ng Estados Unidos
(U.S. Department of
Health & Human Services)**

Responsibilidad

Mag-ulat ng pandaraya, pag-aaksaya o pag-aabuso, kabilang ang Medicare, suporta sa bata, at mga food stamp, at mga reklamo tungkol sa mga kawani at kontratista. Impormasyon tungkol sa Medicare at napapanahong impormasyon ukol sa planong pangkalusugan sa inyong lugar.

Impormasyon ng Kontak

Fraud Hotline
Toll-Free 1-800-447-8477
www.oig.hhs.gov
Medicare Information Hotline
Toll-Free 1-800-633-4227
www.medicare.gov

**Kagawaran ng
Lingkurang Panlipunan
ng California
(CA Department
of Social Services)**

Impormasyon tungkol sa iba't ibang panlipunang pagliligkod, kabilang ang: pagkain, transportasyon, pabahay, kalusugan, pangangalagang pantahanan, day care, foster care, pag-ampon, mga serbisyo sa sakuna/kalamidad, mga serbisyo sa refugee, at pangangalaga sa loob ng bahay.

Toll-Free 1-800-952-5253
www.dss.cahwnet.gov

**Kagawaran ng Insurance
ng California
(CA Department
of Insurance)**

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: mga ahente ng insurance, broker, at mga kompanya, viaticals, at annuities.

Toll-Free 1-800-927-HELP
(1-800-927-4357)
www.insurance.ca.gov

**Kagawaran ng
Pinamahalaang
Pangangalagang
Pangkalusugan ng
California
(CA Department of
Managed Health Care)**

Impormasyon sa mga karapatan at benepisyo ukol sa pangangalagang pangkalusugan

Toll-Free 1-888-466-2219
www.dmhc.ca.gov

**Kagawaran ng Real Estate
ng California
(CA Department
of Real Estate)**

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: mga real estate broker at taong nagbebenta, at mga gawain ng mortgage lender/broker.

(559) 445-5009 Fresno
(213) 620-2072 Los Angeles
(510) 622-2552 Oakland
(619) 525-4192 San Diego
www.dre.ca.gov

**Kagawaran ng Suliranin
ng Mamimili ng California
(CA Department
of Consumer Affairs)**

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: Iba't ibang propesyon kabilang ang mga doktor, dentista, kontratista, tagapagkaloob ng serbisyo sa punerarya at sementeryo, mga technician sa pagkukumpuni ng auto at mga talyer ng pagkukumpuni ng auto; at mga cosmetologist.

Toll-Free 1-800-952-5210
www.dca.ca.gov

Cemetery & Funeral Bureau
(916) 574-7870
www.cfb.ca.gov

Ahensiya

Kagawaran ng Suliraning Pambeterano ng California (CA Department of Veterans Affairs)

Responsibilidad

Nagkakaloob ng mga benepisyo at serbsiyo sa mga beterano sa CA, kabilang ang mga dependent at survivor.

Impormasyon ng Kontak

Toll-Free 1-800-952-5626
www.cdva.ca.gov

Kagawaran ng Suliraning Pambeterano ng Estados Unidos (U.S. Department of Veterans Affairs)

Nagkakaloob ng mga benepisyo at serbisyo sa mga beterano sa U.S., kabilang ang mga dependent at survivor.

VA Benefits
Toll-Free 1-800-827-1000
TDD 1-800-829-4833
www.va.gov

Kawanihan ng Propesyonal na Katiwala ng California (CA Professional Fiduciaries Bureau)

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa:
Mga pribadong fiduciary na hindi miyembro ng pamilya.

(916) 574-7340
www.fiduciary.ca.gov

Komisyon ng Komersiyong Pederal ng Estados Unidos (U.S. Federal Trade Commission [FTC])

Nagkakaloob ng proteksiyon sa mamimili sa: pautang, credit card, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, pagbebenta sa telepono; mga punerarya at sementeryo

Toll-Free 1-877-FTC-HELP
(1-877-382-4357)
www.ftc.gov

Hotline ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan (Identity Theft Hotline)

Tulong para sa biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan upang malutas ang pinansiyal at ibang problema at maghain ng reklamo.

Toll-Free 1-877-438-4338
<http://www.ftc.gov/bcp/edu/microsites/idtheft/>

Rehistruhan ng "Huwag Tumawag" ("Do Not Call" Registry)

Iparehistro ang numero ng telepono upang mabawasan ang pagbebenta sa telepono (telemarketing).

Toll-Free 1-888-382-1222
TTY 1-866-290-4236
www.donotcall.gov

Komisyon ng Pampublikong Utilidad ng California (CA Public Utilities Commission)

Nangangasiwa sa mga pribadong pag-aari na mga utilidad, telecommunication, transit, at transportasyon na mga kompanya. Nagkakaloob ng pagsasapanahon (weatherization) at iba pang pagtitipid sa enerhiya para sa mga sambahayang may mababang kita.

(415) 703-2782
www.cpuc.ca.gov
Utility & Telephone Fraud Hotline
Toll-Free 1-800-649-7570

Lingkurang Telekomunikasyon para sa Bingi at May Kapansanan (Deaf and Disabled Telecommunications Services)

Nagkakaloob ng libreng natatanging kasangkapan sa mga mamimili na may kapansanan sa pandinig, paningin, pananalita, pagkilos, at pag-iisip.

Toll-Free 1-877-546-7414
TTY 1-800-867-4323
www.ddtp.org

Impormasyon sa Telepono ng California (Cal Phone Info)

Tumutulong sa mga mamimili sa mga serbisyo ng telepono.

calphoneinfo.com

Ahensiya

Komisyon ng mga Panagot at Palitan ng Estados Unidos (U.S. Securities and Exchange Commission [SEC])

Responsibilidad

Nangangasiwa: Pambansang pagpapalit ng mg seguridad; mga kompanyang namumuhunan; tagapayo sa pamumuhunan (namamahala sa mahigit na \$25M batay sa asset ng kliyente).

Impormasyon ng Kontak

Toll-Free 1-800-732-0330
www.sec.gov

Lingkuran sa Paghahanap ng Pangangalaga sa Matatanda (Eldercare Locator Service)

Nagkakaloob ng tulong sa buong bansa para sa mga matatanda, kanilang pamilya, at tagapangalaga, na nagsasangguni sa mga lokal na mga ahensiya.

Toll-Free 1-800-677-1116
www.eldercare.gov

Lingkuran sa Proteksiyon ng Nasa Hustong Gulang (Adult Protective Services [APS])

Tumulong sa mga matatanda at mga nasa hustong gulang na umaasa pa sa tulong; magsiyasat ng mga ulat tungkol sa pisikal, emosyonal at/o pinansiyal na pag-aabuso.

Upang malaman kung saan matatagpuan ang APS sa inyong County, tingnan ang listahan sa white pages ng inyong direktoryo ng telepono sa ilalim ng paksang "County Government."

Lingkuran ng Rentas Internas ng Estados Unidos (U.S. Internal Revenue Service [IRS])

Impormasyon sa lehitimong mga kawanggawa; mga pakana sa pandaraya kaugnay sa buwis; palsipikadong federal na pahayag sa buwis at iba pang impormasyon

Hotline para sa Impormasyon sa Kawanggawa
Toll-Free 1-877-829-5500
Hotline para sa Pag-uulat ng Pandaraya sa Buwis
Toll-Free 1-800-829-0433
www.irs.gov

Lupon ng Accountancy ng California (CA Board of Accountancy)

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa:
• Mga Certified Public Accountant
• Mga Pampublikong Accountant
• Mga Accounting Firm

(916) 263-3680
www.dca.ca.gov/cba

Lupon ng Pangestadong Lisensiya ng mga Kontratista ng California (CA Contractors State License Board)

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa:
43 klasipikasyon ng mga kontratista at pagbebenta ng serbisyo ng pagpapaganda ng bahay.

Toll-Free 1-800-321-2752
www.cslb.ca.gov

Lupon sa Pangagamot ng California (CA Medical Board)

Nagsasagawa ng pagtatanong o paghahain ng mga reklamo tungkol sa mga manggagamot sa CA.

Toll-Free 1-800-633-2322
www.medbd.ca.gov

Magkakasamang Itayong Muli (Rebuilding Together)

Nagkakaloob ng libreng pagkumpuni ng bahay para sa mga may-ari ng bahay na may mababang kita, lalo na ang mga nasa panganib na matatanda.

Toll-Free 1-800-473-4229
www.rebuildingtogether.org

Ahensiya

Meals-on-Wheels at ibang mga Programa sa Pagkain ng Nakatatanda ng California (Meals-on-Wheels and other CA Senior Meals Programs)

Responsibilidad

Maghanap ng mga programa para sa pagkain ng mga matatanda.

Impormasyon ng Kontak

www.mealcall.org/meals-on-wheels/ca/index.htm

Medicare

Tingnan ang U.S. Dept. of Health & Human Services na nakalista sa pahina 33.

Medicare Information Hotline
Toll-Free 1-800-633-4227
www.medicare.gov

Mga Ahensiya ng Lugar para sa Tumatanda (Area Agencies on Aging)

Impormasyon tungkol sa mga programa para sa matatanda at bawas sa bayad para sa halaga ng enerhiya; pagmamantini ng bahay, halaga ng kalusugan, at mga buwis.

Toll-Free 1-800-677-1116
www.c4a.info/

Pagkaabogado sa Estado ng California (State Bar of California)

Impormasyon upang tumulong makahanap ng abogado, kabilang ang mga batas para sa matatanda o mga trust specialist. Naghahain din ng mga reklamo at tumulong upang makakuha ng kabayaran sa pagmamalabis sa tungkulin ng abogado.

License Verification & Complaints
Toll-Free 1-800-843-9053
Senior Information Hotline
Toll-Free 1-888-460-7364
www.calbar.ca.gov

Pagpapayo sa Pangkalusugang Insurance at Pagtataguyod na Programa (Health Insurance Counseling & Advocacy Program [HICAP])

Nagkakaloob ng walang kinikilingang impormasyon upang tumulong sa mga tumatanggap ng Medicare na gumawa ng pinaka-mainam na pagpili para sa kanilang indibiduwal na mga kailangan sa pangangalagang pangkalusugan.

Toll-Free 1-800-434-0222
www.calmedicare.org/counseling/index.html

Pag-uulat sa Credit ng Mamimili – “Opt-Out” (Consumer Credit Reporting – “Opt-Out”)

Impormasyon upang maalis ang inyong pangalan mula sa mga listahang gamit ng mga creditor at insurer upang magalok ng credit o insurance.

Toll-Free 1-888-567-8688
TDD 1-877-730-4105
www.optoutprescreen.com

Pambansang Pundasyon para sa Pagpapayo sa Credit (National Foundation for Credit Counseling)

Tumutulong sa mga problema sa credit at mga creditor.

Toll-Free 1-800-388-2227
www.nfcc.org

Pambansang Sentro ng Pang-aabuso sa Matatanda (National Center on Elder Abuse [NCEA])

Impormasyon at ugnayan sa mga krimen laban sa mga matatanda, kabilang ang mga pinansiyal na pag-aabuso.

Toll-Free 1-800-677-1116
www.ncea.aoa.gov

Ahensiya

Pambansang Sentro para sa mga Biktima ng Krimen (National Center for Victims of Crime)

Responsibilidad

Nagkakaloob ng pambansang pagtataguyod para sa mga biktima ng lahat ng krimen.

Impormasyon ng Kontak

Toll-Free 1-800-394-2255
TTY 1-800-211-7996
www.ncvc.org

Pangasiwaan ng Pamamalakad ng Industriyang Pampinansyal (Financial Industry Regulatory Authority [FINRA])

Nagbibigay ng Lisensiya at Nangangasiwa: mga indibiduwal at kompanya na nagsasagawa ng iba't ibang gawain sa seguridad; nagtatatag ng mga alituntunin at nagsasagawa ng mga audit.

(301) 590-6500
www.finra.org
FINRA Broker Check Hotline
Toll-Free 1-800-289-9999

Pangasiwaan ng Paseguruhan sa Kapanatagang Panlipunan ng Estados Unidos (U.S. Social Security Administration)

Nagkakaloob ng proteksiyon sa ekonomiya para sa lahat ng Amerikano, impormasyon sa social security, pag-iwas sa pandaraya kaugnay sa social security.

Impormasyon sa Kalagayan ng Kita/Benepisyo
Toll-Free 1-800-772-1213
TDD 1-800-325-0778
Ipagbigay-alam ang Pandaraya sa Social Security
Toll-Free 1-800-269-0271
www.ssa.gov

Phone Busters – Call Center Laban sa Pandaraya sa Canada (Phone Busters – Canadian Anti-Fraud Call Center)

Mag-ulat ng mga pandaraya sa Canadian lotto, pagnanakaw ng pakakakilanlan, at mga krimen sa pagbebenta sa telepono (telemarketing). Ang Ontario Police ay nagsasangguni sa mga tawag sa pagpapatupad ng batas.

Toll-Free 1-888-495-8501
www.phonebusters.com

Parehistruhan ng California (California Registry)

Mga pagsangguni para sa tinutulungang pasilidad na tirahan, mga pantahanang pangangalaga na tinitirhan, pasilidad para sa Alzheimer, & mga pagpapatuloy na pangangalagang komunidad.

Toll-Free 1-800-777-7575
www.calregistry.com

Samahan ng mga Bangko ng Pagkain ng California (CA Association of Food Banks)

Nagsasagawa ng koordinasyon sa mga food bank sa CA

Upang matagpuan ang pinakamalapit na food bank: tingnan ang listahan sa white pages ng direktoryo ng inyong telepono sa ilalim ng paksang "County Government."

www.cafoodbanks.org/

Ahensiya

Samahan ng mga Maysakit ng Alzheimer (Alzheimer's Association)

Responsibilidad

Impormasyon; mga pagsangguni; at suporta para sa mga indibiduwal at mga pamilya na lumalaban sa sakit na Alzheimer's at iba pang dementia

Impormasyon ng Kontak

Upang malaman ang inyong lokal na sangay:
Toll-Free 1-800-272-3900
www.alz.org

Samahan ng mga Taong Nagretiro sa Amerika (American Association of Retired Persons [AARP])

Isang nonprofit na organisasyon para sa mga taong nasa edad 50 pataas. Nagkaloob ng mga benepisyo, produkto, at mga serbisyo para sa mga miyembro.

Toll-Free 1-888-687-2277
www.aarp.org

Samahan ng Tuwirang Pagbebenta (Direct Marketing Association)

Nagkaloob ng impormasyon kung paano aalisin ang inyong pangalan mula sa mga mailing list, telemarketing list, e-mail list at iba pang marketing list.

www.dmachoice.org

Tagapagtaguyod para sa Pagpapabuti ng Nursing Home sa California (CA Advocates for Nursing Home Reform)

Tumutulong sa mga residente at kanilang mga pamilya na makakuha ng mga serbisyong naayon sa batas at magbigay ng wastong impormasyon sa Medi-Cal at mga usapin sa pangmatagalang pangangalaga.

Consumer Information Hotline
Toll-Free 1-800-474-1116
www.canhr.org

Tanggapan ng Seguridad sa Impormasyon at Proteksiyon sa Pagkalihim ng California (CA Office of Information Security and Privacy Protection)

Impormasyon sa mga usapin ukol sa pagkalihim; nakikipagtulungan sa mga nagpapatupad ng batas sa pagsasagawa ng mga imbestigasyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

Toll-Free 1-866-785-9663
<http://www.cio.ca.gov/OIS>
<http://www.privacy.ca.gov>

CHECK BEFORE YOU INVEST NA PORMULARYO

Bago mamuhunan, sabihin sa taong nag-aalok ng produkto o serbisyo na **punan** ang pormularyong ito, **lagdaan**, at **ibalik** sa inyo. **Beripikahin** ang tao at kompanya kung **lisensyado** at **may awtoridad** na magbenta o mag-alok ng tiyak na produkto, sa pamamagitan ng pagkontak sa naaangkop na ahensyang nagbibigay ng lisensya (tingnan ang kabilang pahina para sa impormasyon upang makontak ang ahensya). **Itago** ang kinumpletong pormularyo para sa inyong mga talaan.

Impormasyon ng Nagbebenta/Ahente at Kompanya (isulat nang malinaw ang kasagutan)

Pangalan ng Nagbebenta/Ahente _____

Pangalan ng Kompanya _____

Address ng Kompanya _____

(Mga) Numero ng Telepono _____ E-mail _____

✓ Ako'y nag-aalok ng mga sumusunod na produkto at/o serbisyo (markahan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- | | | | |
|--|---|---|--|
| <input type="checkbox"/> Pamumuhunan | <input type="checkbox"/> Securities | <input type="checkbox"/> Mutual Funds | <input type="checkbox"/> IRAs |
| | <input type="checkbox"/> Private Placements | <input type="checkbox"/> Oil & Gas/Minerals | <input type="checkbox"/> Mga iba pa _____ |
| <input type="checkbox"/> Pagpaplanong Pinansyal | <input type="checkbox"/> Pagpapayong Pinansyal | <input type="checkbox"/> Pagpaplanong Pinansyal | <input type="checkbox"/> Paglikha ng Kayamanan |
| <input type="checkbox"/> Insurance | <input type="checkbox"/> Life | <input type="checkbox"/> Annuities | <input type="checkbox"/> Viaticals |
| | <input type="checkbox"/> Mga iba pa _____ | | |
| <input type="checkbox"/> Real Estate | <input type="checkbox"/> Refinance | <input type="checkbox"/> Reverse Mortgage | <input type="checkbox"/> Equity Loan |
| | <input type="checkbox"/> Investment (tukuyin) _____ | | |
| <input type="checkbox"/> Serbisyong Ligal | <input type="checkbox"/> Huling Habilin | <input type="checkbox"/> Living Trust | <input type="checkbox"/> Pagpaplano ng Estado |
| | <input type="checkbox"/> Mga iba pa _____ | | |
| <input type="checkbox"/> Accounting | <input type="checkbox"/> Paghahanda ng Buwis | <input type="checkbox"/> Mga iba pa _____ | |
| <input type="checkbox"/> Serbisyong Kontratista | <input type="checkbox"/> Pangungumpuni ng Tahanan | <input type="checkbox"/> Remodeling | <input type="checkbox"/> Mga iba pa _____ |

✓ Ako'y kasalukuyang lisensyado ng

- | | |
|---|-----------------------|
| <input type="checkbox"/> Kagawaran ng Korporasyon ng California | CRD #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Kagawaran ng Korporasyon ng California | IARD/CRD #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Kagawaran ng Insurance ng California | Lisensya #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Kagawaran ng Real Estate ng California | DRE Lisensya #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Pagkaabogado sa Estado ng California | State Bar #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Lupon ng Accountancy ng California | CPA Lisensya #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Lupon ng Pangestadong Lisensiya ng Kontratista ng California | Lisensya #: _____ |
| <input type="checkbox"/> Mga iba pa | Lisensya #: _____ |

✓ Nangangako ako na ako'y gumagawa ng mga pangangatawang ito ng buong katotohanan upang makapag-kalakal sa inyo.

Lagda _____ Petsa _____



Bago Mamuhunan o Kumuha ng Payo

sabihin sa taong nag-aalok sa inyo ng mga produkto/serbisyo na kompletuhin ang pormularyong ito, lagdaan, at isauli sa inyo.



Beripikahin

na ang nagbebenta/tagapagpayo at ang kanilang kompanya ay lisensyado at awtorisadong magbenta/mag-alok ng tiyak na produkto. Tandaang itago ang kinumpletong pormularyong ito para sa inyong mga talaan.



I-kontak

ang angkop na ahensyang nagbibigay ng lisensya sa California na nakalista sa ibaba (o tumawag sa Kagawaran ng Korporasyon ng California para sa referral sa ibang mga ahensya.)

Kagawaran ng Korporasyon ng California	Toll-Free TTY Website	1-866-ASK-CORP (1-866-275-2677) 1-800-735-2922 www.corp.ca.gov
Kagawaran ng Insurance ng California	Toll-Free Website	1-800-927-HELP (1-800-927-4357) www.insurance.ca.gov
Kagawaran ng Real Estate ng California	Fresno Los Angeles Oakland San Diego Website	(559) 445-5009 (213) 620-2072 (510) 622-2552 (619) 525-4192 www.dre.ca.gov
Pagkaabogado sa Estado ng California	Pagberipika ng lisensiya at mga reklamo Toll-Free Hotline para sa Impormasyon para sa matatanda Toll-Free Website	1-800-843-9053 1-888-460-7364 www.calbar.ca.gov
Lupon ng Accountancy ng California	Sacramento Website	(916) 263-3680 www.dca.ca.gov/cba
Lupon ng Pangestadong Lisensiya ng Kontratista ng California	Toll-Free Website	1-800-321-2752 www.cslb.ca.gov

DEPARTMENT OF CORPORATIONS

Estado ng California • Ahensya ng Kalakal, Transportasyon at Pamamahay



ANG KAGAWARAN NG KORPORASYON ay ang Awtoridad ng Pamumuhunan at Pagpipinansya ng California. Ang Kagawaran ay nagbibigay ng proteksyon sa mga mamimili sa California sa pamamagitan ng paglilisensya at pagsasaayos ng mga indibiduwal at kompanya na nag-aalok ng seguridad, payo sa pamumuhunan, pautang sa mamimili, pautang para sa pamamahay, escrows, payday loans, mga prankisa, at tiyak na serbisyo sa pagbayad ng mga bill. Sa pamamagitan ng gawaing pagpapalaganap, ang Kagawaran ay humahadlang sa mga kalakalan at indibiduwal sa paggawa ng mga transaksyong hindi lisensyado o panloloko sa mga mamimili.


Ang Kagawaran ng Korporasyon ay nakikipagtulungan sa iba't-ibang ahensya sa Estado ng California (kasama na ang mga Kagawaran ng Institusyong Pinansyal, Real Estate, Insurance, at Consumer Affairs); mga ahensyang pederal (kasama ang Securities and Exchange Commission, Federal Trade Commission, Kagawaran ng Pagtatanggol, at ang Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos); mga lokal na ahensya (Kasama ang Serbisyonag Pagpoprotekta sa mga Nasa Tamang Gulang, pagpapalaganap ng batas, at ang mga Abogado ng Distrito at ng Lunsod); at marami pang ibang mga organisasyon.

EDUKASYON AT OUTREACH

Ang Kagawaran ng Korporasyon ay nangangakong protektahan ang publiko. Ang aming mga programa at mga lathalain ay ginawa upang maturuan ang mga taga California na "magsiyasat bago mamuhunan" at magbigay ng impormasyon at instrumentong kailangan upang pigilan ang panlolokong pinansyal at pamumuhunan bago ito mangyari.



Ang Programang Seniors Against Investment Fraud (SAIF) ay umaalerto at nagtuturo sa mga California na higit sa 50 tungkol sa panloloko sa pamumuhunan, predatory lending, at kung papaano maiwasan maging biktima ng panlilinlang. Gumagamit ang SAIF ng pang-estadong network ng mga bihasang matatandang boluntaryong mula sa mga lokal na Retired Senior Volunteer Programs (RSVPs) at ng iba pang organisasyong non-profit.



Ang Programang California Troops Against Predatory Scams (TAP\$) ay umaalerto at nagtuturo sa mga serbisyo militar ng California at kanilang mga pamilya laban sa panlolokong pamumuhunan, at kung paano umiwas sa panlilinlang.

KAGAWARAN NG KORPORASYON NG CALIFORNIA

Toll-Free
1-866-ASK-CORP
(1-866-275-2677)

TTY
1-800-735-2922

Website
www.corp.ca.gov



KAGAWARAN NG KORPORASYON NG CALIFORNIA

Para sa impormasyon tungkol sa pagiging boluntaryo ng SAIF at magsa-ayos ng mga tagapanalita, kontakin lamang ang aming tanggapan. Upang humingi ng karagdagang kopya ng booklet na ito, tawagan ang aming toll-free number o mag-email sa

forms@corp.ca.gov

Toll-Free **1-866-ASK-CORP**
(1-866-275-2677)

TTY **1-800-735-2922**

Online **www.corp.ca.gov**

DEPARTMENT OF **CORPORATIONS**

Estado ng California
Ahensya ng Kalakal, Transportasyon at Pamamahay

Ang mga material na inihahandog sa booklet na ito ay nanggaling sa pakikipagtulungan ng tauhan ng Kagawaran ng Korporasyon ng California